PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

2018

# LEARNING MODULE

Filipino G8 | Q3

# Kontemporaryong Panitikan Tungo sa Kultura at Panitikang Popular



PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

# NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

FILIPINO 8

# Modyul 3: Kontemporaryong Panitikan Tungo Sa Kultura At Panitikang Popular

☑ **Panimula at Mga Pokus na Tanong:**

Naitanong ba ninyo sa inyong sarili kung bakit patuloy na may iba't ibang uri ng media na tinatangkilik ang mga tao? May iba't ibang napapanahong kagamitang nagsisilbing libangan at lunsaran ng impormasyon: pahayagan, magasin, komiks, kontemporaryong dagli, radyo telebisyon at pelikula. Alin sa mga ito ang inyong kinahihiligan? Bakit mo ito nagugustuhan? Ano ang inyong panukatan sa pagtangkilik nito?

Batid ng lahat kung gaano nakaiimpluwensiya sa buhay ng bawat tao at lalo na ang kabataang katulad mo kaya nararapat na maging mulat ka sa kaganapang hatid ng mga uri ng media na iyong kinahaharap.

Sa modyul na ito, matutunghayan mo ang mga aralin tungkol sa mga panitikang popular. Saklaw ng pag-aaral na ito ang tungkol sa pagsusuri ng mga teksto. Malilinang ang iyong kritikal na pagsusuri at pag-unawa sa iba't ibang panitikang popular at matukoy kung ano-ano ang bisa ng bawat akda. Harinawa'y magsilbing tanglaw ang mga tauhan, pangyayari at kaisipan mula sa mga materyal at akdang iyong gagamitin tungo sa pag-unawa sa iyong buhay at sa lipunang iyong ginagalawan. Isaisip mo na ang mga sumusunod na tanong ay kinakailangang mabigyan mo ng angkop na katugunan.

Bakit nagiging mabisa ang panitikang popular sa kulturang Pilipino?

Paano nakatutulong ang mga panitikang popular sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino?

☑ **Saklaw ng Modyul:**

Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga nabanggit na mahahalagang tanong kapag pinag-aralan mo ang magkakasunod na apat na aralin:

Aralin 1: Popular na Babasahin
Aralin 2: Kontemporaryong Programang Panradyo
Aralin 3: Kontemporaryong Programang Pantelebisyon

## Aralin 4: Pelikula

Sa modyul na ito, matatamo ang mga sumusunod na kompetensi:

| | |
|---|---|
| Aralin 1<br>(8 sesyon) | 1. Nabibigyang-reaksyon ang narinig na opinyon ng kausap tungkol sa isang isyu<br>2. Naihahambing ang tekstong binasa sa iba pang teksto batay sa paksa, layon, tono, pananaw, paraan ng pagkakasulat, pagbuo ng salita, pangungusap at talata.<br>3. Nabibigyang-kahulugan ang mga lingo na ginagamit sa mundo ng multimedia<br>4. Naiuugnay ang tema ng tinalakay na panitikang popular sa temang tinalakay sa napanood na programang pantelebisyon o video clip<br>5. Nailalahad nang maayos at mabisa ang nalikom na datos sa pananaliksik<br>6. Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa pangangalap ng mga ideya sa pagsulat ng balita, komentaryo, at iba pa<br>7. Nagagamit sa iba't ibang sitwasyon ang mga salitang ginagamit sa impormal na komunikasyon (balbal, kolokyal, banyaga) |
| Aralin 2<br>Kontemporaryong Programang Panradyo<br>(8 sesyon) | 1. Napag-iiba-iba ang katotohanan (facts) sa mga hinuha (inferences), opinion at personal na interpretasyon ng nagsasalita at ng nakikinig;<br>2. Naiisa-isa ang mga positibo at negatibong pahayag<br>3. Nabibigyang kahulugan ang mga salitang ginagamit sa radio broadcasting<br>4. Naiuugnay ang balitang napanood sa balitang napakinggan at naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa mga ito<br>5. Nailalahad nang maayos at wasto ang pansariling pananaw, opinion at saloobin<br>6. Naisusulat nang wasto ang isang dokumentaryong panradyo<br>7. Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa paghahayag ng konsepto ng pananaw (ayon, batay, sang-ayon sa, sa akala, iba pa) |
| Aralin 3<br>Kontemporaryong Programang Pantelebisyon<br>(8 sesyon) | 1. Nailalahad sa sariling pamamaraan ang mga napakinggang pahayag o mensahe<br>2. Nahihinuha ang paksa, layon at tono ng akdang binasa<br>3. Natutukoy ang mga tamang salita sa pagbuo ng isang puzzle na may kaugnayan sa paksa<br>4. Nasusuri ang isang programang napanood sa telebisyon ayon sa itinakdang mga pamantayan |

| | |
|---|---|
| | 5. Naipahahayag sa lohikal na paraan ang mga pananaw at katuwiran<br>6. Nagagamit sa pagsulat ng isang dokumentaryong pantelebisyon ang mga ekspresyong nagpapakita ng kaugnayang lohikal<br>7. Nagagamit nang wasto ang mga ekspresyong hudyat ng kaugnayang lohikal (dahilan-bunga, paraan-resulta) |
| Aralin 4<br>Pelikula<br>(8 sesyon) | 1. Nailalahad ang sariling bayas o pagkiling tungkol sa interes at pananaw ng nagsasalita<br>2. Nasusuri ang napanood na pelikula batay sa paksa/tema, layon, gamit ng mga salita, mga tauhan<br>3. Nabibigyang kahulugan ang mga salitang ginagamit sa mundo ng pelikula<br>4. Naihahayag ang sariling pananaw tungkol sa mahahalagang isyung mahihinuha sa napanood na pelikula<br>5. Naipaliliwanag ng pasulat ang mga kontradiksyon sa napanood na pelikula sa pamamagitan ng mga komunikatibong pahayag<br>6. Naisusulat ang isang suring-pelikula batay sa mga itinakdang pamantayan<br>7. Nagagamit ang kahusayang gramatikal (may tamang bantas,baybay, magkakaugnay na pangungusap /talata sa pagsulat ng isang suring-pelikula |
| Pangwakas na Gawain | 1. Naisa-isa ang mga hakbang sa pagbuo ng isang social awareness campaign tungkol sa isang paksa batay sa napakinggang paliwanag<br>2. Nasusuri ang mga hakbang sa pagbuo ng isang kampanyang panlipunan ayon sa binasang mga impormasyon<br>3. Naipaliliwanag ang mga salitang angkop na gamitin sa pagbuo ng isang kampanyang panlipunan<br>4. Naipakikita sa isang power point presentation ang mga angkop na hakbang sa pagbuo ng isang kampanyang panlipunan batay sa tema, panahon at tiyak na direksyon ng kampanya<br>5. Nailalapat ang tamang damdamin sa mga pahayag na binuo para sa kampanyang panlipunan<br>6. Nabubuo ang isang malinaw na social awareness campaign tungkol sa isang paksa na maisasagawa sa tulong ng multimedia<br>7. Nagagamit ang angkop na mga komunikatibong pahayag sa pagbuo ng isang social awareness campaign. |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.

**MODYUL 3 KONTEMPORARYONG PANITIKAN TUNGO SA KULTURA AT PANITIKANG POPULAR**

Aralin 3.1 **POPULAR NA BABASAHIN**
Pahayagan o Magasin , Komiks o Kontemporaryong Dagli

Aralin 3.2 **KONTEMPORARYONG PANRADYO**
Drama at Pagbabalita

Aralin 3.3 **DOKUMENTARYONG PANTELEBISYON**
Teleserye, Pagbabalita at Dokumentaryo

Aralin 3.4 **PELIKULA**
Klasiko at Makabago

**PANGWAKAS NA GAWAIN**
Paghahanda at Pagsasagawa ng Inaasahang Pagganap

## ☑ Pangkalahatang Paunawa at Paalala:

Upang maisakatuparan ang pagkatuto sa modyul na ito, kailangan mong alalahanin at gawin ang mga sumusunod:

1. Maglaan ng sapat na panahon at maaliwalas na lugar upang mabigyang-tuon ang pagtugon sa modyul na ito at siguruhing walang makasasagabal sa iyong pag-aaral;
2. Sikaping magkaroon ng sapat na kagamitan, mapagkukunan ng impormasyon o sanggunian tungo sa ikatatagumpay ng pag-aaral sa modyul;
3. Tandaang ang karunungan ay para sa lahat ng tao ngunit matatamo lamang ang higit na dunong kung may pagsisikap;
4. Laging sumangguni sa iyong guro at iba pang taong makatutulong para masagot ang ilang mga tanong tungkol sa modyul na ito; at

5. Manalangin sa Diyos upang lagi kang pagpalain ng karunungan, sapat na lakas, at iba pang pangangailangan tungo sa ikapagtatamo ng iyong hinahangad na tagumpay.

**PANIMULANG PAGTATAYA**

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos, makikita mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Anong uri ng panunuring pampanitikan ang ipinamamalas ng pahayag sa ibaba?
   Isa sa kabansutan ko ang pagiging maramot. Ipinamulat ito sa akin ng sanaysay na “Sa Kabataan” ni Propesor Onofre Pagsanghan. Dapat ko itong maiwasto nang lumago ang kabutihan sa aking pagkatao.
   a. Pagsusuring pangwika
   b. Pagsusuring pangkaligiran
   c. Pagpapahalagang pang-estetiko
   d. Pagpapahalagang pansarili

2. Inatasan ni Binibining Salazar ang kanyang mga mag-aaral na manaliksik ukol sa mga panitikang panrehiyon ng Pilipinas. Alin sa sumusunod na sanggunian ang higit na makatutulong sa mga mag-aaral upang makakalap ng sapat na impormasyon o materyales bilang tugon sa gawaing itinakda ni Binibing Salazar?
   a. Arrogante, Jose A et.al. (1991). Panitikang Filipino (pampanahong elektroniko). National Bookstore. Mandaluyong
   b. Garnace-Ulit, Perla et.al. (1998). Pagpapahalaga sa panitikang rehiyunal ng Pilipinas. Grandwater Publications and Research Corporation. Makati
   c. Reyes, Soledad S. (1992). Kritisismo: Mga teorya at antolohiya para sa epektibong pagtuturo ng panitikan. Anvil Publishing, Inc. Maynila
   d. Villafuerte, Patrocinio V. (2000). Panunuring pampanitikan (teorya at pagsasanay). Mutya Publishing House Valenzuela

3. Aling ahensiya o sangay ng pamahalaan ng Pilipinas ang tumututok sa pag-unlad ng panitikang Pilipino?
   a. Kagawaran ng Edukasyon

b. Komisyon ng Wikang Filipino
c. National Commission on Culture and the Arts
d. University of the Philippines

4. Ano ang ipinahihiwatig ng pahayag sa ibaba?
Huwag nating akalaing makapandaraya tayo ngayon sa ating mga pagsusulit, makakupit sa ating mga magulang at sa mahiwagang araw ng bukas makakaya nating balikatin ang mabibigat na suliranin ng bansa.
   a. Huwag kang mandaya sa pagsusulit na ito.
   b. Hindi madaling baguhin at ituwid ang nakasanayang ginagawa.
   c. Pagsumikapang makamit ang nararapat sa wastong paraan.
   d. Magmatuwid na habang maaga kaysa gamutin pa ang kabaluktutan.

5. Ano ang angkop na pagpapakahulugan sa kabuuan ng pahayag sa ibaba?
"Hindi ko maintindihan kung bakit galit na galit si Mang Tato sa mga bakla. Si Fortunato Jr. pa naman niya ay isang binabae."
   a. Galit si Mang Tato sa mga bakla.
   b. Hindi matanggap ni Mang Tato na bakla ang kanyang anak.
   c. Bakla ang mga anak ni Mang Tato.
   d. Bakla rin si Mang Tato gaya ng kanyang anak.

6. Ano ang tinatalakay ng maikling talata sa ibaba?
Marami nang naipangako ang mga namuno subalit ang problema ng kahirapan ay nananatiling problema. Makalipas ang dalawang EDSA *revolution* (1986 at 2001) marami ang nag-akala na ito na ang magiging daan upang makamtan ng mga Pilipino ang kaginhawahan sa buhay at makalaya sa kahirapan. Subalit wala ring nangyari.

Mas maraming kawatan sa pamahalaan ang sumulpot at ang perang nakalaan sa pagpapaunlad ng bansa ay ibinulsa at marami ang yumaman. Mas marami ang naging gahaman at ang bulsa nila ang tanging naalala at hindi ang taumbayang nangangailangan.
   a. Sanhi ng pagkalugmok ng mahihirap na Pilipino
   b. Huling dalawang EDSA *revolution*
   c. Pamamaraan ng pagpapayaman ng mga negosyante
   d. Pag-asa ng mahihirap na Pilipino

7. Ano-ano ang pamantayan sa pagtatanghal na gagawin sa gawain sa ibaba?
Inaasahan ang bawat isa na magtalumpati nang naipamamalas ang kahusayan sa pagsaulo, pagbigkas, pagpili at panggamit ng angkop na mga kumpas, at pagsasatao ng disiplina't katauhan ng isang mahusay na mananalumpati upang maiparating sa manonood ang kaisipang taglay ng itinatanghal na piyesang pantalumpatian. Layon nitong hasain ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral lalo na't isasakatuparan ito nang mag-isa.
   a. Pagtamo sa layunin ng gawain

b. Paghasa at pagtupad ng kakayahang komunikatibo
c. Pagpapamalas, pagtatalumpati at pagpaparating sa manonood
d. Pagsaulo, pagbigkas, pagkumpas at pagsasatao

8. Ano ang pinakapaksa ng mga ideyang ito: kahirapan ng kabataan sa pagbasa, mga salik sa pagbagsak ng maraming estudyante, epekto ng *internet* sa pag-aaral, depektibong pakikinig ng mga mag-aaral, at iba't ibang bisyo ng kabataan.
   a. Mga pagsubok sa guro
   b. Pagkalulong ng kabataan sa *internet*
   c. Mababang *performance* ng mga mag-aaral
   d. Pagkilala sa mga mag-aaral

9. Bakit kailangang pahalagahan ng Pilipino ang kanyang panitikan?
   a. Kawili-wili ang pamamaraan ng paglikha ng panitikan ng mga Pilipino.
   b. Upang mabatid niya ang kalayaan na taglay ng bawat isa
   c. Isinulat ang mga ito para sa kanila.
   d. Matutunghayan niya ang karanasan ng kanyang lipunan sa mga akdang ito.

10. Paano makasisilbi sa isang dayuhang nais pumarito ang mga panitikang popular ng Pilipinas?
   a. Mamamalas niya ang kahusayan at pagkamalikhain ng mga Pilipino.
   b. Sinasalamin ng panitikang popular ang wika at karanasan ng Pilipino sa kasalukuyan.
   c. Magagabayan siya sa kanyang pakikitungo at paglilibot sa Pilipinas.
   d. Makikilala niya ang kasaysayan ng bansa.

11. Paano nakakaapekto sa buhay ng kabataan ang panitikang kanilang natututuhan at tinatangkilik?
   a. Matutunghayan niya ang kalagayan ng kapwa kabataan.
   b. Mamamalas niya ang epekto ng lipunan sa tulad niyang kabataan.
   c. Maiuugnay niya ang kanyang sarili sa mga panitikang ito.
   d. Maitatala niya ang mga makatotohanang aspekto ng panitikan.

12. Paano mapahahalagan sa panitikang popular ang mga panitikang tradisyunal?
   a. Taglay ng panitikang popular ang karunungan at lipunang sinaklaw ng panitikang tradisyunal.
   b. Bunga ng pagsasalin sa kontemporaryong wika ng panitikang tradisyunal ang panitikang popular.
   c. Naging popular lamang ang panitikan dahil sa midyum na ginagamit ng may-akda.
   d. Parehong wika ang ginagamit sa panitikang tradisyunal at panitikang popular..

13. Bakit kailangang pag-aaralan ng kabataan ang panitikang popular?

a. Makilala nila ang kanilang sarili sa panitikang tradisyunal.
b. Sila ang nilalayon ng may-akda ng panitikan.
c. Maunawaan nila ang pagbabagong dulot sa kanila ng panahon.
d. Maihahambing nila ang kanilang sarili sa kabataan noong nakaraan.

Basahin ang bahagi ng awit na *Upuan* ni Gloc 9. Pagkatapos, sagutin ang inihandang tanong.

Tao po, nandyan po ba kayo sa loob ng
malaking bahay at malawak na bakuran
Mataas na pader pinapaligiran
At nakapilang mga mamahaling sasakyan
Mawalang galang na po sa taong nakaupo,
Alam niyo bang pantakal ng bigas namin ay di puno
Ang dingding ng bahay namin ay pinagtagpi-tagping yero

14. Sa aling ulo ng balita higit na angkop iugnay ang hinalaw sa ibaba na bahagi ng awiting *Upuan* ni Gloc 9?
    a. Poverty level in Phl unchanged since '06
    b. Increasing poverty caused by corruption
    c. Team PNoy dominates in 10 poorest provinces
    d. Philippines areas under dynasties are poorest

15. Inimumungkqhi sa kabataan na makilahok sa mga usaping pambansa tulad ng *cybercrime law* at *RH bill* sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanilang saloobin gamit ng *social networking platform*. Ano ang masasabi mo sa mungkahing ito?
    a. Malikhaing ginamit ang wika sa pahayag
    b. Nagpamalas ng kahusayang teknikal
    c. Praktikal para sa kabataan ang iminumungkahi
    d. May kaalamang teknikal sa midya

16. Ano ang layunin ng isang *campaign multimedia* na likhang-sining?
    a. Manghikayat ng madla na tuparin sa pamamagitan ng malikhaing paggamit ng iba't ibang midya ang totoong suliraning gamit ang iba't ibang midya.
    b. Manghimok ng madla na makilahok sa pagtugon sa mga totoong sitwasyon nang gumagamit ng iba't ibang midya sa malikhaing pamamaraan.
    c. Maipaalam sa madla ang pakay ng binubuong likhang-sining sa pamamagitan ng iba't ibang midya.
    d. Maengganyo ang madla na pumili ng tatangkiliking panitikan sa isang tiyak na midyum.

17. Paano agarang mahihikayat ng kabataan na makilahok ang kapwa kabataan at umayon sa kasalukuyang pangangailangan ng lipunan?
    a. Palahukin ang kabataan sa mga *youth camp*.

   b. Magsulat ng opinyon para sa pambansang pamahayagan.
   c. Lumikha ng *campaign ad* gamit ang iba't ibang midyang panteknolohiyang talamak sa kabataan
   d. Bumuo ng isang *political party* na magiging kinatawan ng kabataan sa pamahalaan.

18. Paano magagamit sa pagpapaunlad ng kamalayan at kakayahan ng kabataang Pilipino ang teknolohiya na bahagi ng kanilang kultura?
    a. Magagamit ito bilang kasangkapan sa pagpaplano ng pagkatuto ng mag-aaral.
    b. Malawak ang oportunidad sa pagpapalawak ng kaalaman at pagtupad ng mga gawaing pagpapatunay.
    c. Marami itong inihahain na kasangkapan para sa guro tungo sa pagkatuto at paglikha
    d. Masaklaw ang karanasang maihahain nito para sa mga maalam gumamit ng
       Iba't ibang kasangkapan ng teknolohiya.

19. Sa isang gagawing kampanyang pang-adbokasiya laban sa mga suliraning kinasasangkutan ng kabataan sa kasalukuyan, ano-anong ahensiya ang nararapat na masangkot nang matiyak ang kredibilidad ng impormasyon at rekomendasyon?
    a. National Youth Commission, Department of Social Work and Development,Sangguniang Panglungsod
    b. National Commission on Culture and the Arts, Department of Interior and Local Government
    c. Department of Social Work and Development, National Youth Commission, Department of Interior and Local Government
    d. Sangguniang Kabataan, National Commission on Culture and the Arts, Kagawaran ng Edukasyon

20. Alin sa sumusunod na pahayag ang pinakatama alinsunod sa mga tuntuning pangwika sa Filipino?
    a. Tumulong sa Cagayan de Oro ang mga nabahaang mag-aaral ng bagyong Sendong sa Luzon.
    b. Tumulong sa mga mag-aaral ng Cagayan de Oro ang mga nabahaan ng bagyong Sendong sa Luzon.
    c. Tumulong sa mga nabahaan ng bagyong Sendong sa Cagayan de Oro ang
       mga mag-aaral sa Luzon.
    d. Tumulong sa mga nabahaan ng bagyong Sendong sa mga mag-aaral ng Luzon sa Cagayan de Oro.

## PAGTUKLAS

Nakatuon na ba ang iyong pansin sa paghahanap ng bagong kaalaman? Makatutulong ng higit kung sisimulan mo na ang pag-aaral tungkol sa panitikan. Kakailanganing ituon mo ang iyong pag-aaral sa mga sumusunod na tanong gaya ng **paano naiiba ang tradisyunal na uri ng panitikan sa panitikang popular?** Sumagi ba sa isip mo kung **bakit naiiba ang mga panitikan sa kasalukuyan sa mga tradisyunal na uri ng panitikan na iyong nalaman** sa iyong mga naunang pag-aaral? **Bakit kailangang basahin at pag-aralan ang mga panitikang popular**? Sa mga katanungang ito itutuon mo ang pokus ng pag-aaral na.

### GAWAIN 1. Panitikang Popular, Popular Ba Sa 'Yo?

**Panuto:** Ang mga sumusunod na larawan ay maituturing na panitikang popular. Isulat mo nga sa ibaba ang kung alam mo ang tawag sa bawat larawang nasa loob ng kahon. Matapos itong matukoy, sagutin ang mga tanong pagkatapos ng kahon.

| | |
|---|---|
| **1.** | **5.** |
| **2.** | **6.** |
| **3.** | **7.** |
| **4.** | **8.** |




## Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong napuna habang tinutukoy mo ang mga halimbawa ng panitikang popular sa gawain 1?

   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

2. Bakit kaya madali mong natukoy ang bawat uri ng popular na panitikan?

   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Alin sa mga ito ang higit mong pinag-uukulan ng panahon? Bakit?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

4. Ano ang naidudulot sa iyo ng kinagigiliwan mong uri ng panitikan?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

5. Ano sa iyong palagay ang bisa ng mga panitikang popular kung ihahambing mo sa mga tradisyonal na panitikang iyong pinag-aralan sa mga nakaraang aralin?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_____________________________________

6. Paano nakatutulong ang mga panitikang popular sa ating lipunan?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______

## GAWAIN 2. IRF Worksheet

Sagutin mo ang IRF *Worksheet*. Ibigay ang iyong inisyal na sagot batay sa iyong
dating kaalaman. Isulat ang sagot sa bahaging **I** lamang ng *worksheet.*

Tugunan ang IRF *Worksheet* sa ibaba sa pamamagitan ng pagsagot sa katanungang inilalahad dito. Ang bahagi ng **I** o **I**nitial Answer.

*Worksheet #2*

**IRF *WORKSHEET***

| **Papaano nakatutulong ang panitikang popular sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino?** |
|---|
| Initial Answer |
| |
| Revised Answer |

| Final Answer |
|---|
| |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Kumusta ang iyong naging karanasan sa unang bahagi ng mga gawain?

Nadagdagan ba ang iyong kaalaman? Iyong babalikan ang naging sagot mo sa IRF Worksheet upang malaman mo kung mapalalawak mo pa ang sagot mo tungkol sa mahalagang tanong. Ngayon ay kailangan mong harapin ang mga susunod na pagsubok tungkol sa iba't ibang panitikang

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Bilang bahagi ng paglinang ng iyong kaalaman at kasanayan ang iba't ibang panitikang popular at kung paano ito nakatutulong sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino, makabubuting pag-aralan mo muna ang mga babasahing popular at ang iba't ibang katangian nito bilang isang midyum sa paghubog ng iyong pagkatao at pagpapalutang ng iba't ibang kamalayang panlipunan. Sa palagay ko'y handa ka na sa susunod na gawain.

### GAWAIN 3. Mga Lingo sa Mundo ng Multimedia

Buuin ang mga salita sa bawat bilang na may kinalaman sa mundo ng multimedia at isulat
ang sagot sa katapat na mahabang linya. Hanapin sa ikalawang hanay ang kahulugan nito at isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang bago ang bawat bilang. May isang nawawalang letra kung saan ilalagay ito sa mga kahon sa ibaba ng pagsubok na ito. May mabubuo kang isang salitang may kaugnayan sa lahat ng mga konseptong nabuo.

____1. DATWPATP ________________ a. mga panoorin at babasahing online
____2. OOKSKIM ________________ b. muwentong online gaya ng e-book
____3. AMAGNISP ________________ c. babasahing pangmasa ang balita at impormasyon

___4. URBTEEAOHSD ____________ d. babasahing madalas Ingles ang wikang gamit
___5. BATDILOL ________________ e. patalastas
___6. AGIDLATI ________________ f. iba-ibang babasahing batay sa interes ng tao
___7. DAREVSITENEMTR _________ g. diyalogong may larawan

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |

## GAWAIN 4. Pana-panahon ng Panitikan

Upang maunawaan kung bakit tinawag na panitikang popular ang komiks, magasin, pahayagan at kontemporaryong dagli, mahalagang matukoy mo muna ang kaligirang kasaysayan ng Panitikang Filipino. Basahin ang sanaysay tungkol sa Pagsibol, Paglago at Pamumunga ng Panitikang Filipino at ang Modernong Panitikan pagkatapos ay punan ang chart sa ibaba upang isa-isahin ang mga katangian ng bawat panahon ng Panitikan.

**Pagsibol, Paglago at Pamumunga ng Panitikang Filipino**. http://cytheria-07.xanga.com/640066805/-pagsibol-paglago-at-pamumunga-ng-panitikang-filipino/. Retrieved 08 November 2012

Pinoy Underround. **Moderning Panitikan**. http://www.pinoyunderground.com/showthread.php?t=277081. Retrieved 21 December 2012

| Panitikan sa Katutubo | Panitikan sa Amerikano |
|---|---|
| Panitikan sa Kastila | Panitikan sa Hapon |

**Panitikan sa Kasalukuyan (Moderno o Popular na Panitikan)**

Mag-post ng iyong mga tugon sa mga tanong sa ibaba sa discussion board. I-klik itong ***Pagsibol, Paglago at Pamumunga ng Panitikang Filipino*** upang mag-post.

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano ang tungkulin ng panitikan sa lipunan?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________________

2. Bakit nagbabago ang uri ng panitikan sa bawat panahon?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________

3. Papaano nakaiimpluwensya ang bawat panahon sa pagbabago ng panitikan?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

______________________________________________________________
_______________________________________

4. Masasabi bang laging magkaugnay ang panitikan at kultura?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
____________________________________________________

5. Paano nagsimula ang panitikang popular sa Pilipinas?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
____________________________________________________

6. Kung ang panitikang popular ay nagsimula sa panahon ng teknolohiya o elektronikong midya, mahalaga pa rin ba ang mga nakalimbag na babasahin o print media?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
__________________________

7. Mas mabisa ba ang panitikang popular sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino? Patunayan.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_______________________________________

## GAWAIN 5. Mga Tekstong Tradisyonal at Tekstong Popular

Matapos mong malaman ang pagbabago ng panitikan ayon sa kasaysayan mula sa tradisyonal patungo sa popular, suriin mo naman ang mga halimbawang nasa loob ng kahon at paghambingin ang dalawa batay sa ibinigay na pamantayan.

| PANITIKANG TRADISYONAL | PANITIKANG POPULAR |
|---|---|
| Mga tula / karunungang bayan<br>Alamat, maikling kuwento<br>Epiko / Balagtasan<br>Sarsuwela / Korido<br>Sanaysay / Pabula /Parabula<br>Maikling kuwento / Anekdota | Pick up lines at Hugot<br>OPM / Flip-top<br>Fashion/Trend / Magasin<br>MTV / Google / Yahoo/ Youtube<br>Watt pad / Komiks / Tabloid / Broadsheet<br>Facebook / Twitter / Instagram |

| | **PAGKAKAIBA** | |
|---|---|---|
| | **PANITIKANG TRADISYONAL** | **PANITIKANG POPULAR** |
| Paksa / Nilalaman | | |
| Layunin at Kahalagahan | | |
| Paraan ng Pagkakasulat o Pagpapahayag | | |
| Anyo at Pagbuo ng salita, pangungusap, talata | | |
| | **PAGKAKATULAD** | |
| Layunin | | |
| Nilalaman | | |
| Kabutihan/Kabuluhan | | |

**Mga Gabay na tanong:**

1. Bakit sinasabing popular ang panitikan?

_______________________________________________
_______________________________________________
_____________________

2. Masasabi bang malaki ang impluwensya ng kulturang Pilipino ang mga popular na panitikan?

_______________________________________________
_______________________________________________
_____________________

3. Ano-ano ang mga salik na nakaimpluwensya sa pag-usbong ng kulturang popular?

_______________________________________________
_______________________________________________
_____________________

4. Anong isang halimbawa ng panitikang popular batay sa ibinigay na halimbawa ang lubos na nakaimpluwensya sa iyo? Bakit?


_______________________________________________
_______________________________________________
_____________________

5. Masasabi mo bang nakatulong ang panitikang popular gaya ng mga popular na babasahin sa kasalukuyan sa kulturang Pilipino?

_______________________________________________
_______________________________________________
_____________________

## GAWAIN 6. Ang mga Popular na Babasahin

Paghambingin ang iba't ibang katangian ng mga sumusunod na popular na babasahin batay sa ibinigay na pamantayan. Maaaring maghanap sa mga bilihan ng mga nakalimbag na babasahin, magtanong sa mga kakilala o kaya nama'y halughugin ang internet para matugunan ang pagsubok na ito.



Darna at Captain




Liwayway



Broadsheet







| | Komiks | Magasin | Pahayagan | Wattpad o Kontemporaryong Dagli (Mikling Kuwento) |
|---|---|---|---|---|
| Kailan /Paano Nagsimula? | | | | |
| Espesyal na Katangian (features) | | | | |
| Popular / Tanyag na Halimbawa | | | | |
| Paborito / Naibigan | | | | |
| **Ano ang pangunahing bisa ng mga babasahing popular sa mga Pilipino?** | | | | |

## GAWAIN 7. Pangatwiranan Mo

Sinasabing magkaiba ang tono, paggamit ng wika at paraan ng pagpapahayag ng panitikang popular sa panitikang tradisyonal. Ibigay ang iyong reaksyon sa mga sumusunod na kaisipan/pahayag tungkol sa dalawang uri ng panitikang nabnggit sa pamamagitan ng pagbibigay ng sariling pananaw o opinyon at maglikom ng impormasyon mula sa pananaliksik na magbibigay-patunay o halimbawa sa iyong pananaw o opinyon. Ibigay ang maikling paliwanag sa ibinigay na patunay o halimbawa.

| Kaisipan | Opinyon /Pananaw | |
|---|---|---|
| 1. Maraming babasahin sa kasalukuyan ang gumagamit ng mababang antas ng wika. | | |
| 2. Higit na mas malalim o matalinghaga ang mga babasahing tradisyonal | | |
| 3. Kadalasang kolokyal at pambansang wika ang ginagamit sa kasalukuyang babasahin gaya ng pahayagan, komiks at magasin | | |
| 4. Ang tema o nilalaman ng mga nababasa mula sa popular na babasahin ay patungkol sa lantad na usaping pag-ibig, sekswal at kritikal na nangangailangan ng patnubay ng nakatatanda. | | |
| 5. Ang mga tradisyonal na babasahin ay hindi na nakapanghihikayat basahin sa kasalukuyan. | | |

**TANDAAN**

Sinasabing impormal na komunikasyon kung ang wikang ginagamit ay nasa antas balbal, kolokyal, lalawiganin o ng ilang banyagang wika. Sinasabin ang mga antas ng wikang ito ay wikang popular o wika ng masa. Ito ang mga salitang madalas gamitin sa pakikipag-usap sa mga kakilala o kaibigan.

Halimbawa:

1. Mga salitang diyalektik o ginagamit sa partikular na pook.

   la-ang (malaw-aw na Batangas para sa lang)

pangga(Bisaya-mahal)
ngarud (Ilokano-na nga, kung ganoon)
nakain(Quezon-kumain)

2. Kolokyal o ang mga pang-araw-araw na salita na ginagamit sa mga pagkakataong impormal. Kasama rin dito ang mga pinaikling salita.
   lang(lamang), du'n(doon), teka (hintay ka), kamusta (kumusta-mula sa Espanyol na como esta), 'di(hindi)
   tena (tayo na), 'wag(huwag), ganun(ganoon), kelan(kalian), kako (wika ko)

3. Balbal (slang/sward): Ito ay hindi istandard na wika at mabilis magpalit. Proseso sa Pagbuo ng Balbal na Salita:
   a. Panghihiram sa iba pang wika sa Pilipinas
      manang-old fashioned(Ilokano)
      bawang (matabang tao - Tagalog)
      magpahinog (maghirap – Tagalog)
   b. Panghihiram sa mga dayuhang salita
      tambay (Ingles-stand by) toxic(Ingles)-maraming gawain
      tong(Intsik) bread(Ingles)
   c. Paggamit ng numero
      12/25-pamasko 29(lanseta) 50/50-agaw buhay
      Na-123-naloko 4x4(gin-alak) 143-I Love You
   d. Paggamit ng akronim (kadalasang hiram ding akronim o salitang ginawang akronim) at inisyal
      PMA (Pahinga Muna Anak)
      A.I.D.S (Acquired insanity due to studies)
      JAPAN (Just Always Pray At Night)
   e. Pababawas ng letra o pantig
      torps(torpe)
      wakabu (walang kabuhay-buhay)
      ma at pa (malay ko at pakialam ko)
      hiks (hika)
   f. Pagpapalit ng titik o pantig
      jowa (asawa), etitch (ito)
   g. Pagbabaligtad
      arep(pare)

      jaguar(guwardya)
   h. Pagpapahaba - ganun(ganuners)
   i. Paghahalo
      Amats (tama na naging amat o lasing + s), tomguts (gutom+s)

Alvarado (relo-mula sa Alba at Radon na mga tatak ng relo), nenok-nakaw (mula sa nakaw at took)

dedo-patay(dead+o), oks (okey+s)

dedma (dead malice), orig(original)

getsing (get), crayola(cry), inlababo (in love na naging inlab)

## GAWAIN 8. Subukin ang Kasanayan sa Wika

Sundin ang mga sumusunod na sitwasyon upang maibigay ang iyong kaalaman at kasanayan sa paggamit ng iba't ibang impormal na wika.

1. Sumulat ng isang bahagi ng isang bahagi ng isang kuwentong nabasa mo na naglalarawan sa buhay ng teenager at gumagamit ng mga salitang balbal na parang nagbabasa ng Wattpad. Siguraduhin mong magigising ang kamalayan ng kabataang katulad mo kapag binasa ang isang bahagi sa kuwentong iyong bir  y ang iyong nabuong *output* dito sa *discussion board*. I-klik l *icon*

2. Sumulat ng isang advertisement na naglalarawan sa kaugaliang Pilipino na maaaring ilathala sa isang babasahing tabloid na gumagamit ng mga salitang kolokyal. Tiyaking nasunod ang mga elemento ng isang advertisement.

3. Sumulat ng isang eksena na naglalarawan sa kulturang Pilipino at gawan ito ng komiks. Gumamit ng mga salitang diyalektal o banyaga na gumagamit pa rin ng impormal na salita.

I-post ang iyong mga nabuo sa gawaing ito sa group fb at hingin ang puna o reaksyon ng iyong mga kaklase. Hingin din ang puna ng iyong guro. Likumin ang mga mahahalagang kaisipan ng iyong mga kaklase at sagutin ang tanong na: Ano ang bisa ng pahayag sa paghahatid ng mensahe? Paano nakatutulong ang anumang pahayag upang maibigay ang bisa ng panitikang popular?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_________________________________________

## GAWAIN 9. *Blogging* Balita at Komentaryo (Mini-Task # 1)

Nakapagpuhunan ka na ng kaalaman ukol sa mga popular na babasahin. Sa gawaing ito, gagawa ka naman ng iyong sariling pananaliksik at paglalahad ng mga ideya sa pagsulat ng balita at komentaryo. Isang *blog entry* ang produkto mo sa gawaing ito.

| BLOG LINK: | |
|---|---|

Mamarkahan ang iyong *blog entry* ayon sa mga pamantayang ito:

| Tsekbric sa Blog Entry | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Makabuluhan ang inilalahad ng mga piniling popular na babasahin | | | |
| Gumamit ng mabisang paraan ng paglalahad ng impormasyon sa pagsulat ng balita at komentaryo | | | |
| Malinaw na ipinakilala ang bawat popular na babasahin gayundin ang natatanging taglay ng bawat isa | | | |
| Maayos na pag-aanyo(lay-out) at daloy ng paglalahad/paglalarawan | | | |
| Mabisang ang paggamit ng wika | | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-anong bagong impormasyon o realisasyon ang iyong natamo matapos gawin ang iyong *blog entry*? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

2. Paano kaya nakaaapekto sa buhay ng kabataan ngayon ang mga panitikang kanilang natututuhan at tinatangkilik?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

3. Bakit kailangang pag-aralan ng kabataan ang mga komtemporaryong panitikang Pilipino gaya ng mga popular na babasahin?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

## GAWAIN 10. IRF Worksheet

Sagutin mo ang IRF *Worksheet*. Ibigay ang iyong inisyal na sagot batay sa iyong
dating kaalaman. Isulat ang sagot sa bahaging **R** lamang ng *worksheet.*

Tugunan ang IRF *Worksheet* sa ibaba sa pamamagitan ng pagsagot sa katanungang inilalahad dito. Ang bahagi ng **R** o **R**evised Answer.

*Worksheet #2*

**IRF *WORKSHEET***

| **Papaano nakatutulong ang panitikang popular gaya ng popular na babasahin sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino?** |
|---|
| Initial Answer |
| |
| Revised Answer |
| |
| Final Answer |
| |

Binabati kita. Ang mga natamong kaalaman at kasanayan sa araling ito ay makatutulong upang lubos mong maunawaan ang mga popular babasahin at ang kabuluhan nito sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino gayundin ang pag-unawa sa mga kamalayang panlipunan sa kasalukuyan. Ngayon ay maaari ka nang magpatuloy sa susunod na aralin.

## Aralin 2: Kontemporaryong Programang Panradyo

Marahil batid ninyo na sa kabila ng maraming mapagpipiliang panoorin ay patuloy pa ring malaganap ang mga himpilan ng radyo at patuloy na umaaliw at naghahatid ng iba't ibang impormasyon at kaalaman sa mga tagapagtangkilik nito.

Sa modyul na ito, ang lahat ng mga bagay na naglalaro sa iyong isipan ay mabibigyan ng katugunan. Tandaan mo na kailangan mong hanapin ang kasagutan sa lahat ng mga sumusunod na tanong.

1. Paano nakatutulong ang broadcast media gaya ng radyo sa pagpapalaganap ng kulturang popular at kamalayang panlipunan?
2. Paano nakatutulong ang mga ekspresyong nagpapakilala sa konsepto ng pananaw at kaugnayang lohikal sa mabisang pagpapahayag?

### GAWAIN 11. Ang Tinig ng Radyo

Pakinggan ang mga halimbawang pagbabalita sa radyo mula sa mga link sa ibaba. Matapos marinig ang mga ito ay gumawa ng pagbubuod tungkol sa mahahalagang impormasyon at kaisipan mula sa narinig.

**Radio Commentary**
https://www.youtube.com/watch?v=vJWikHj_mpYDZRH: RH Balita News and **Commentary with RTSibayan**

https://www.youtube.com/watch?v=Za-mvEe1404 Radyokomentaryo ni Papa Jack

**Radio Broadcasting**
https://www.youtube.com/watch?v=1wGdSqtz5DgNaglalagablabnamgaBalita DZXL

https://www.youtube.com/watch?v=8YManJIGQuc Radio Broadcasting

https://www.youtube.com/watch?v=Lq3M2hhXEVkRizalian Team Broadcasting

**Mga Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang pagkakaiba ng radio broadcasting at radio commentary?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________

2. Aling pahayag mula sa narinig mo ang nagsasaad ng positibong pahayag?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________

3. Alin naman sa mga narinig mo ang nagsasaad ng negatibo?Ibigay ang iyong reaksyon.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ___________________________

4. Patunayang ang radio broadcasting ay naglalahad ng mga pawang katotohanan lamang. Ilahad ang mga patunay batay sa narinig.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ___________________________

5. Mayroon din bang mga naipahayag na hinuha, opinyon at personal na interpretasyon? Kung mayroon, ano-ano ito? Nararapat bang magbigay ng ganitong mga pahayag? Ipaliwanag.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ___________________________
   ______________________________________________________________
   ______________

6. Ang radio commentary ay malayang paglalahad ng hinuha, opinyon at personal na interpretasyon mula mga isyu at pangyayaring ibinalita sa loob at labas ng bansa. Naging mabisa ba ang radio commentators? Ipaliwanag.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ___________________________
   ______________________________________________________________
   ______________

7. Ano-ano ang kalakasan at kahinaan ng dalawang radio commentators?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ___________________________
   ______________________________________________________________
   ______________


8. Paano nagiging makabuluhan ang pagbabalita? Paano naman nagiging mabisa ang isang komentaryo?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ___________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ___________________________

9. Ano-ano kung ganoon ang mga kasanayang kailangan upang maging mabisa ang radio broadcasting at radio commentary?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
________________________________

## GAWAIN 12. Radyo-Komentaryo

Isa-isahin ang mga positibo at negatibong pahayag mula sa napakinggang link patungkol sa RadyoKomentaryo. Isulat ang mga positibo sa arrow pataas at ang mga negatibo naman sa mga arrow pababa.



Tandaan:
Ang pagbibigay ng komentaryo ay nakatutulong upang maging mapanuri at kritikal na makapaglahad ng opinyon at pananaw ng isang tagapagsalita. Kung susubukin mo lagi ang pagbibigay ng komentaryo batay sa paraang konstruktibo ay lalong malilinang ang iyong kakayahan sa pagsasalita. Siguruhin mo lamang na may batayan ang lahat ng iyong mga positibo at negatibong mga pahayag. Hindi basta-bastang nagbibigay ng opinyon kung walang nagiging batayan para mas magiging mabisa ito sa mga tagapakinig.

**Kaalamang Gramatikal: Ang Konsepto ng Pananaw**

Bago makasulat ng isang mabisang dokumentaryong panradyo, narito ang mga dapat tandaan:

- Magsaliksik ng mga impormasyong magpapaigting sa pagdodokumento.
- Huwag kalimutang banggitin ang mga personalidad na binanggit sa mga detalye upang ipakilala ang kredibilidad ng iyong isinulat.
- Magkaroon ng malinaw na pagpapasiya sa paksa.

**Ang komentaryong Panradyo** ayon kina Elena Botkin- Levy, Koordineytor, ZUMIX Radio; ay pagkakaloob ng pagkakataon sa mga kabataan na maipahayag ang sariling opinion at saloobin kaugnay sa isang napapanahong isyu o isang isyong napiling talakayin. Nagbibigay ito ng daan upang malinang ang kakayahan bilang epektibong tagapagsalita. Maaari din naming makapagdulot ng pag-eensayo na makagawa ng komentaryong panradyo dahil sa taglay na malawak na kaalaman sa pagsulat ng sanaysay na naglalahad ng pananaw o saloobin.

Sa **Kuwentuhang midya** na isang uri ito ng sulating nagsasaad ng opinyon sa paraang nakikipag-usap sa mga mambabasa o conversational style. Maaaring tumatalakay ito sa mga isyung higit na napapanahon at may kaugnayan sa buhay ng mambabasa.

Narito ang ilang pang dagdag na kaalaman upang lubos mong maunawaan kung ano ang tinatawag na Konsepto ng Pananaw.

1. May mga ekspresyong nagpapahayag ng konsepto ng pananaw o “point of view”. Kabilang ditto ang ayon/ batay/para/ sang-ayon sa/kay, ganoon din sa paniniwala/pananaw/akala ko/ ni/ ng, at iba pa. inihuhudyat ng mga ekspresyong ito ang iniisip, sinasabi o paniniwalaan ng isang tao. Tulad nito:
   Ayon/Batay/Sang-ayon sa 1987 konstitosyun ng pilipinas, ang Filipino ang pambansang wika at isa sa mga opisyal na wika ng komunikasyun at Sistema ng edukasyun.
   Sa paniniwala/ Akala/ Pananaw/ Paningin/ Tingin/ Palagay ni/ ng Pangulong Quezon, masmabuti ang mala-impyernong na

pinamamahalaan ng mga Pilipino kaysa makalangit na pilipinas na pinamumunuan ng mga dayuhan.
Inaakala/Pinaniniwalaan/Iniisip kong/Hindi Makabubuti kanino man ang kanilang plano.
Saganang aking/Sa tingin akala/ Palagay ko, wala nang gaganda pa sa lugar na ito.

2. May mga ekpresyung nagpapahiwatig ng pagbabago o pag-iiba ng paksa at/ o papanaw, tulad ng sumosunod na halimbawa. Gayun man, mapapasing ditolad ng mga naunang halibawa na tumitiyak kung sino ang pinagmumulan ng pananaw, nagpapahiwatig lamang ng pangkalahatang pananaw ang sumusunun na halimbawa:
   Sa isang banda/ Sa kabilang dako, mabuti na rin sigurong nangyari yun upang matauhan ang mga nagtutulog-tulogan.
   Samantala, makabubuti sigurong magpahinga ka muna para makapag-isip ka nang husto.

## GAWAIN 13. Pagsasanay sa Konsepto ng Pananaw

Makinig o magbasa ng mga balita sa kasalukuyan at dugtungan ang mga sumusunod na konsepto ng pananaw.

1. Ayon/Batay/Sang-ayon sa ________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

2. Sa paniniwala/ Akala/ Pananaw/ Paningin/ Tingin/ Palagay ni/ ng
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

3. Inaakala/Pinaniniwalaan/Iniisip kong/Hindi Makabubuti kanino man ang
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

4. Saganang aking/Sa tingin akala/ Palagay ko, ________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
____________________

5. Sa isang banda/ Sa kabilang dako, mabuti na rin sigurong ________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

## GAWAIN 14. Ang Wika sa Radio Broadcasting

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga salitang ginagamit sa radio broadcasting. Tukuyin sa hanay B ang kahulugan ng mga salitang mahalagang matamo sa pagbabalitang panradyo. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang bago ang bawat bilang.

| A | B |
|---|---|
| ___ 1. Stuttering | a. punong tagapagsalita |
| ___ 2. Noise broadcast | b. naglalaman ng narekord na radio |
| ___ 3. Station ID/Intro | c. 5 minutong pagbabalita |
| ___ 4. Headline | d. pagbubulol |
| ___ 4. Dead Air | e. kanta bilang pagpapakilala sa estasyon |
| ___ 5. Infomercial narekord | f. out cue o huling salitang maririnig sa |
| ___ 6. live shot pangalan at | g. huling pahayag ng tagapagbalita; estasyon |
| ___ 7. Newsbody | h. unang pangungusap o talata sa balita |
| ___ 8. Extro | i. pamagat ng balita |
| ___ 9. Anchor | j. kaluskos ng papel o tunog ng mikropono |
| ___ 10. Stummer | k. pag-uulit ng pantig o salita |
| ___ 11. OQ | l. patalastas |
| ___ 12. Clock naringig | m. ilang segundong puwang o walang |
| ___ 13. Cut | n. nilalaman ng balita |
| ___ 14. Lockout | o. huling pagbanggit sa station ID |
| ___ 15. Lead | p. hindi naka-record na pahayag |

Ang Departamento ng Edukasyon ay nagsasagawa ng taunang paligsahan ng radio broadcasting sa School's Press Conference. Saliksikin ang mga bahagi ng radio broadcasting at ibigay ang pagkakasunod-sunod ng mga bahagi sa pagsasagawa nito. Maaaring pakinggan ang halimbawang ito sa mga sumusunod na link:

https://www.youtube.com/watch?v=8YManJIGQuc Radio Broadcasting 2015 champion
https://www.youtube.com/watch?v=Lq3M2hhXEVkRizalian Team Broadcasting

Pamprosesong Tanong:

Paano magagamit ang radyo sa kasalukuyan samantalang mayroon nang telebisyon, pahayagan at internet? Ano ang bisa nito sa kasalukuyan?

______________________________________________
______________________________________________
____________________
______________________________________________
______________________________________________
____________________

## GAWAIN 15. Drama sa Radyo

Pakinggan ang radio drama mula sa mga sumusunod na link at ilahad ang pangkalahatang nilalaman nito. Matapos ay saguting ang mga tanong.

https://www.youtube.com/watch?v=pKpi0X53BaI DZRH Radio Drama

https://www.youtube.com/watch?v=p-wjP7DqGNw Hampas ng Alon

https://www.youtube.com/watch?v=swJpFZPTba4 Barangay Love Stories ni Papa Dodot

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Alin sa tatlong link ang higit mong nagustuhan? Bakit?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________

2. Ano-anong dahilan kaya kung bakit ito tinatangkilik ng mga Pilipino?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________

3. Ano-anong kamalayang panlipunan ang nailalantad ng mga napakinggan mong drama sa radyo?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_____________________________

4. Paano nakatutulong ang broadcast media gaya ng radyo sa pagpapalaganap ng kulturang popular at kamalayang panlipunan?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________

## GAWAIN 16. Pagsulat ng Dokementaryong Panradyo (Mini-Task # 2)

Maaaring inisip mo dati na manunulat lamang at kilalang mamamahayag sa radyo ang makagagawa isang iskrip para sa programang panradyo. Bunga ng iyong pag-aaral at pagtatamo ng kakayahan, ngayon naman iyong gampanan ang inaasahang magagawa mo. Naniniwala akong handa ka at kaya mo itong gawin. Ang programa ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga kabataang tulad mo na makapagpahayag ng opinyon sa mga napapanahong isyu. Inaasahang magbabahagi ka ng iyong konsepto o pananaw ukol sa sumusunod:

1. Kalagayan ng Sangguniang Kabataan ( SK)
2. Ang Kasalukuyang kalagayan ng Edukasyon sa Bansa
3. Kaso ng Juvenile Delinquency
4. Cyber Bullying

Inaasahang magagamit mo ang mga salitang nagsasaad ng konsepto ng pananaw sa paglalahad ng iyong kaisipan o saloobin. Makatutulong ang pananaliksik bilang paraan sa malawak na pagkalap ng imprmasyon ukol sa paksa.

Isaalang –alang mo ang mga pamantayan sa pagtataya ng gagawing pagtatanghal ng isang programang panradyo.

**Narito ang tsecbri na gagamitin sa pagmamarka ng iyong produkto:**

| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| 1. Makabuluhan ang nilalaman / impormasyon at malinaw na naiugnay sa paksang napili | | | | |
| 2. Masining, kakaiba at maingat na ginamit ang wika lalo't higit ang mga konseptong pananaw at mga elemento ng pagsasahimpapawid-panradyo | | | | |
| 3. Mabisang pumili ng mga kagamitang makapanghihikayat sa tagapakinig gaya ng tunog at musika | | | | |
| **Kabuuan** | | | | |

## GAWAIN 17. IRF Worksheet

Sagutin mo ang IRF *Worksheet*. Ibigay ang iyong inisyal na sagot batay sa iyong
dating kaalaman. Isulat ang sagot sa bahaging **R** lamang ng *worksheet.*

Tugunan ang IRF *Worksheet* sa ibaba sa pamamagitan ng pagsagot sa katanungang inilalahad dito. Ang bahagi ng **R** o **R**evised Answer.

*Worksheet #2*

**IRF *WORKSHEET***

| **Papaano nakatutulong ang panitikang popular gaya ng radyo sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino?** |
|---|
| **I**nitial Answer |
| |
| **R**evised Answer |
| |
| **F**inal Answer |
| |

Mahusay! Naging masigasig ka sa pagtugon sa mga ibinigay na pagsubok ng iyong guro. Sigurado akong lalong nalinang ang iyong mga kaalaman at kasanayan nang pag-aralan mo ang tungkol sa radyo. Tiyak

na magiging mas maigting ang pagkatuto mo sa susunod na aralin. Pangunahing layunin mo sa susunod na aralin ang paglinang ng mga kaalaman at kasanayan sa kontemporaryong pampanitikang pantelebisyon. Alam kong handa ka na.

## Aralin 3: Kontemporaryong Programang Pantelebisyon


Sa gulang mong ito ano ba ang iyong kinahihiligang panoorin? Mahilig ka bang manood ng pelikula o programa sa telebisyon? Anu-ano ang mga kinawiwilihan mong panoorin? Sadyang ang panonood ng telebisyon ay nakalilibang. Naniniwala ka bang malaki ang impluwensiya sa ating pagkatao ng ating mga napapanood o napapakinggan. Ang telebisyon bilang isa sa midyum ng broadcast ay nakakatuwang isipin na naaaliw ka na'y lumalawak pa ang iyong kaalaman. Madalas, ibinabahagi natin sa iba ang ating napanood. Nagbibigay tayo ng papuri at pagpuna tugkol dito. Maaaring di natin nagustuhan ang ilang eksena, takbo ng istorya o kaya'y ang pagkakaganap ng mga artista. Sa ganitong pagkakataon, sinusuri na natin ang kalidad ng pelikula o programang napanood. Maganda man o hindi, ito ay ayon lamang sa ating pansariling pagtataya. Bilang bahagi ng panitikang popular ang telebisyon paano ito nakahuhubog ng iyong katauhan? Paano ito makatutulong sa pagpapahalaga sa kulturang Pilipino?

Sa pagpasok ng malaganap na kabihasnan sa teknolohiya lalong nagsisilbing instrumento ang paggamit nito upang mapalawak at mapaunlad ang mga akdang pampanitikan. Inaanyayahan kang isaalang-alang ang mga sumusunod na tanong upang higit mong mapalago ang iyong kaalaman.

1. Paano nakatutulong ang mga programang pantelebisyon sa pag-unlad ng pagkatao ng mamamayan at pagbabagong panlipunan ?
2. Paano nakatutulong ang lohikal na paraan ng pagpapahayag ng mga pananaw at pangangatwiran sa mabisang paghahatid ng mga saloobin, at damdamin sa napapanood na mga programang pantelebisyon?

### GAWAIN 18. Mga Konseptong Pantelebisyon

Tukuyin ang iba't ibang uri ng palabas o programa sa telebisyon sa pamamagitan ng paghula sa mga ito batay sa ibinigay na halimbawa. May isang letrang nailagay sa loob ng kahon bilang hudyat o clue sa loob ng kahon.




1. **teleserye o teledrama**

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | o | | | | |

2. **Noli De Castro, Mel Chiangco**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | I | | |

3. **Eat Bulaga, Show Time**

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | A | | | | | |

4. **Family Feud, Minute to Win It, Game Ka Na Ba?**

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | O | |

5. **Pinoy Big Brother**

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | I | | |

6. **Mc Do, Jollibee**

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | A | |

## GAWAIN 19. Panunuring Pantelebisyon

Panoorin ang mga sumusunod na link at ilahad at suriin ayon sa ibinigay na pamantayan.

| Ilahad / Suriin batay sa mga sumusunod | https://www.youtube.com/watch?v=Obhi-drmZEo Ang Kuwintas Short Film | https://www.youtube.com/watch?v=_LgapKIOuu4 Alma Moreno Interview Vs. Isko Moreno Interview | https://www.youtube.com/watch?v=3Fn4r-O_mXY GMA News Update |
|---|---|---|---|
| Layunin ng Programang tumutugon sa target na manonood | | | |
| Kakaibang Katangian (features) sa Pagbuo ng ng Programa upang tangkilikin | | | |
| Kabuluhan ng Programa: pagtugon o hindi pagtugon sa pagpapahalagang kultural ng mga Pilipino | | | |
| Porma: paggamit ng camera, ilaw, tunog o musika upang lubos na maihatid ang mensahe | | | |
| Paggamit ng Wika o Barayti ng wika kung ihahambing sa iba pang midyum | | | |

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Alin sa tatlong uri ng programa ang iyong nagustuhan?

______________________________________________
______________________________________________
____________________

2. Kung magmumungkahi ka ng paraan para mapaunlad ang isa sa programang iyong napanood, ano ito at bakit?

______________________________________________
______________________________________________
____________________

3. Anong uri ng programa ang higit mong tinatangkilik? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
____________________

4. Alin sa mga programang pantelebisyon ang sa palagay mo'y lubos na tinatangkilik ng manonood? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________

5. Paano magiging mabisa ang isang programang pantelebisyon? Ano-ano ang mga salik na dapat isaalang-alang upang maging makabuluhan ito sa manonood?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________

6. Paano nakatutulong ang mga programang pantelebisyon sa pag-unlad ng pagkatao ng mamamayan at pagbabagong panlipunan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
____________________

## GAWAIN 20. Ang Kapangyarihan ng TV

Basahin ang talata at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.

Ang paglitaw ng telebisyon ay may taglay na kakaibang kapangyarihan tulad ng sinasabi ng salaysay na ito:" Isang magnanakaw ang pumasok sa aming tahanan- hindi sa dahan-dahang pagpuslit sa may bintana sa gabi; subalit pumasok siya sa pamamagitan ng unahang pinto sa kaliwanagan ng araw. Hindi siya naghalungkat

sa mga pasilyo para maghanap ng mahahalagang kagamitan- ginto, pilak at mamahaling mga kasuotan sapagkat wala naman siyang matatagpuan ni isa man nito. Kinuha niya ang natatanging lugar sa aming sala. Mula sa kanyang kinalalagyan sa inaraw-araw, ginawa niya ang gawain ng pagnanakaw. Ninakaw niya sa buong pamilya ang kani-kanilang pinakamahahalagang regalo- oras, puso at pakikisalamuha sa lipunan. Ang pangalan ng magnanakaw na ito ay di dapat mabunyag lalo na kung ang kanyang mga tagasunod ay masasaktan sa mga akusasyong ginawa. Subalit isang palatandaan ang kailangang maibigay para sa kapakanan ng mga inosente at walang kamalayan na maaaring susunod niyang biktima. Ang kanyang inisyal ay T.V.” (Baesa-Pagay,2001)

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Sang-ayon ka ba sa kaisipang inilahad sa binasa mong talata? Pangatwiranan ang sagot.

2. Ano-ano ang iyong naging karanasan na maiuugnay mo sa sinasabi ng talata?

3. Ano ngayon ang mensaheng nais ihatid ng talatang binasa?

4. Bilang anak, paano mo makokontrol ang panonood ng telebisyon upang hindi ito makapagdulot ng hindi magandang epekto sa iyo at sa iyong pamilya?

**Mga Dapat Alamin ng Mahilig sa TV**

Panoorin ang sanaysay at gawin ang pagsubok matapos ang pagtamo ng kaalaman tungkol sa teksto. Itala ang mahahalagang kaisipan o impormasyong binigyang-diin ni Santos na makatutulong sa iyong pag-unawa bilang manonood ng telebisyon.

**Hango sa Apat na Mito ng Diablo ni Bernie Santos**

Bilang manonood ay responsibilidad nating piliin ang ating mga pinapanood. Naglahad si Bernie Santos ng ilang mga dapat isaalang-alang o alamin sa panonood ng telebisyon.

Ang unang dapat alamin ng mahilig manood sa telebisyon ay ang naidudulot nitong karahasan sa manonood na tinatawag na mito ng “magulang mundo”. Nariyan ang mga ipinagmamalaking anime, dramaseryeng puno ng sampalan, barilan, at patayan. Ang karahasan ay ipinapakitang exciting. Habang may nagpapatayan ay sinasabayan pa ito ng musika lalo na sa lahat ng action films. Sa gayon, nagkakaroon ng magandang bihis ang karahasan. Tuloy, wika nga sa Ingles, “we tend to glamourize violence”.

Subalit ang higit na nakaapekto sa publiko ay ang mga pang-araw-araw na balitang napapanood at nagpapataas ng kanilang ratings. Nariyan ang walang tigil na panggagahasa, nakawan, patayan at kidnappings. Habang patuloy na ipinapakita ang mga ito sa telebisyon, malaki ang nagagawa nito sa pagbuo natin ng iisang realidad at ng paniniwalang hindi ligtas ang buhay dito sa mundo. Upang makaranas naman ng buhay na payapa, nahihikayat tayo na sumandal sa marahas na paraan gaya ng paghawak ng baril upang makamit ito.

Ikalawa, ang mito ng “mabuting buhay”. Kapag may pera ka, mabubuhay kang mabuti. Pinakamadalas ito ang ipinapahiwatig sa mga komersyal. Malaking bahay, Porshe, BMW, masasarap na alak, bakasyon sa ibang lugar, parties, paglalakbay sa eroplano at yate, magagarang kusina, mamahaling gamit at maliliit at malalaking computer gadgets at telepono. Hindi matatapos ang listahan ng mga bagay na maaaring bilhin upang magkaroon ng tinatawag na “good life”. Maaaring itulak ka nitong bumili nang paunti-unti kung hindi talaga kaya, o di kaya’y pagkuha ng tulong ng financing para mabili ang pinapangarap na kotse. Kapag nakuha na ito, kahit patingi-tingi, nakararamdam ng inaakalang pagtaas ng estado ng pamumuhay sa kabila ng pagkakabaon sa utang sapagkat sa ganitong paraan lamang makakamit ang sinasabing “good life”. Nauuwi tuloy ang pagpapakahulugan ng tao sa kaligayahan sa pagkahumaling sa mga materyal na bagay na artipisyal ang ibinibigay na kaligayahan.

Ikatlo, ang mito ng “kulang”. Kaugnay nito ang ikalawang mito na ipinapakita ng madalas ang paulit-ulit na pagpapaalala sa tao na may kulang pa sa kanya. Nariyan na hindi pa kompleto ang gamit sa kusina, kulang pa sa magandang mukha at katawan, luma na ang gamit sa komunikasyon, hindi tama ang sabong gamit, kulang sa vitamins, kulang sa inom at kulang sa gimik.

Hindi lamang sa mga komersyal ito makikita, kahit sa mga ordinaryong sitcom, drama, o carbons na palabas ay naroon din ang pagpapahiwatig ng kakulangan ng manonood. Nariyan ang pagpaparada ng mga magaganda at seksing babae, magagarang bahay at kotse at makabagong kagamitan. Itinutulak tayo ng lahat ng

ating nakikita na hanapin, harapin at tapatan ang anumang kulang sa atin. Sa kahuli-hulihan, mauuwi ang lahat sa pagpapakita ng media na ang pagbili ng mga bagay-bagay ang makapupuno sa anumang kulang sa atin.

Panghuli ay ang mito ng “pagmamalasakit”. Nariyan na rin ang gasolinang ito ay environment-friendly, hinay-hinay lang sa pag-inom(drink moderately), bawal magkasakit sa hirap ng panahon, iwasan ang mga insektong nagdadala ng sakit, na dapat ma-develop ang isip ng tao habang baby pa at marami pang iba. Nagmamalasakit sila para sa ating kabutihan. Subalit kung susuriin, tinutumbasan ng halaga ang kabutihang ito na nais nilang mapasapubliko. Kailangang bilhin ang kanilang produkto. Kalaunan, sila rin ang kikita ( di nga ba’t ito ang kalikasan ng isang korporasyon—paghahakot ng kita). Ngayon, saan nga ba talaga sila concern, sa kabutihan natin o sa kabutihan nila?

Pangkaraniwang alam ng mga tao na ang patalastas o komersyal ay ginagamit lamang upang makapagbenta ng mga produkto. Subalit kung susuriing maigi, mayroon pa itong tatlong gamit. Una, ang informative function o pagpapakilala ng isang produkto o serbisyo o organisasyon. Ikalawa, ang persuasive function o pag-aangat ng komersyal sa pagnanasa ng tao sa produkto, serbisyo o organisasyong tinutukoy; at ikahuli, image function na kalimitang may kaugnayan sa mga institusyon na nagpapalaganap ng magandang pagtanaw sa tinutukoy ng komersyal.

Sa pagsasama-sama ng mga gamit na ito, nakalilikha ng disenyo para sa komersyal. At sa paglikha ng magandang disenyo ng mga imahe(sa tv man o sa poster) napipilitang bumili ang tao. Dahil dito nilalayon ng mga gumagawa ng komersyal na isalin ang bagay na materyal (ang ibinebenta) sa anyong may kahulugan sa buhay ng tao. Halimbawa na lamang ang komersyal na Joy Ultra. Isang panghugas ng plato na kapag gumamit ka nito ay mas makatitipid ka sa tubig at mas kikintab ang iyong mga gamit. Mas hindi ka mapapagod at magkakaroon ka ng mas maraming oras para sa iyong pamilya.

Sa paghimok sa tao, sinusubok din ng mga komersyal na pasukin ang dalawang pandama ng tao: ang paningin at pandinig. Mabilis na nagpapakita ito ng magagandang imahe: magagandang babae, katakam-takam na pagkain, makapatid-uhaw na inumin, maraming kulay. Kasabay ng mga imaheng ito ang saliw ng tunog at musika na madaling tandaan at maaari rin nating dalhin kahit saan. Siyempre, hindi magpapahuli—ang mga hindi magpapalimot na mga islogan.

Kung susuriin natin ang komersyal na San Miguel Beer, popular ang akronim na SMB, sarap maging barkada. Sa dami ng komersyal ng san Miguel noon na may ganitong tema ay paulit-ulit nating iparirinig ang islogang ito. Kaya kahit wala na tayo sa harap ng tv ay maaalala pa rin natin ito. SMB-Sarap Maging Barkada. Madaling Tandaan. Ngayon, saan ka naman maaaring uminom ng SMB? Sa beach, sa bilyaran, sa restawran. Kailan? Kapag nagbakasyon, kapag

nagkakasayahan, kapag tapos na ang mabigat na trabaho ( 5:thirsty na!). Sabay pakikitaan ka ng maraming tao, magaganda at iba't ibang kulay ang suot, nagkakasayahan, nagkakantahan, nagsasayawan, naglalaro. Naka-eengganyo, di ba? Makapagpapaindak o mapapaawit sa manonood. Maaaring gamitin nila ang mga sikat na melodiya ng kanta at baguhin na lamang ang liriko o di kaya'y bumuo sila ng bagong jingle para rito. Kapag pinagsama-sama, isang nakahihikayat na komersyal na pipilit sa iyong bumili ng San Miguel Beer.

Subalit may isang uri pa ng komersyal na hindi naglalayong magbenta ng materyal na bagay kundi mensahe o serbisyong maaaring makatulong sa tao. Tinatawag itong Public Service. Imbes na magbenta ng mga bagay-bagay, hinihimok ng mga komersyal na ito ang mga tao na maniwala sa kanilang sinasabi---delikadesa, paninindigan, pamilya, kalusugan, eksploytasyon, kalikasan ("Save the Planet", Sagip Kalikasan") "Yosi Kadiri" at Say No To Drugs" at "Bantay Bata 163".

## GAWAIN 21. Ibuod Mo

Mula sa iyong binasang sanaysay, bumuo ka nga ng mahahalagang puntos o kaisipang mahalagang maisaalang-alang ng sinuman sa panonood ng telebisyon.

| SAMPUNG DAPAT TANDAAN SA PANONOOD NG TELEBISYON AYON KAY BERNIE SANTOS |
| --- |
| **1.** ____________________________________________ ____________ ____________________________________________ ____________ |
| **2.** ____________________________________________ ____________ ____________________________________________ ____________ |
| **3.** ____________________________________________ ____________ ____________________________________________ ____________ |
| **4.** ____________________________________________ ____________ |

5. ________________________________________________

6. ________________________________________________

7. ________________________________________________

8. ________________________________________________

9. ________________________________________________

10. ________________________________________________

Sagutin ang mga tanong:

1. Alin sa mga kaisipang nabanggit sa sanaysay ang pinakamakahulugan para sa iyo? Bakit?
________________________________________________

2. Mula sa mga napanood mo na, ano kaya ang matutukoy mong mauuri sa mga binanggit sa sanaysay? Punan ang kahon.

| Magulong Mundo | Mabuting buhay | Kulang | Pagmamalasakit | Publis Service |
|---|---|---|---|---|
| 1.<br><br>2. | 1.<br><br>2. | 1.<br><br>2. | 1.<br><br>2. | 1.<br><br>2. |

3. Kung ikaw ang bubuo ng regulasyon bilang MTRCB chairman, ano-ano ang maipag-uutos mo upang mas maging makabuluhan ang panonood ng telebisyon at higit itong makatutulong sa pag-unlad ng pagkatao ng mamamayan at pagbabagong panlipunan?
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

4. Ano-anong mga programa sa telebisyon ang mga napanood mo na dapat tangkilikin ng manonood? Magmungkahi nga ng tatlong pinakamagagadang programa at magbigay ng mga katangiang taglay ng mga ito kung bakit dapat tangkilikin ng manonood.
   **a.** ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ______________________________________________________
   **b.** ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ______________________________________________________
   **c.** ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ________________________________________

**Kaalamang Pampanitikan: Ang Teleserye, Teledrama, Telenobela o Soap Opera**

Ang Philippine Drama, o mas kilala bilang *teleserye* o *teledrama*, ay maaaring mauri sa iba't-ibang anyo at genre. Ang teleserye/teledrama ay isang uri na napapanood sa telebisyon na karaniwang hindi makatotohanan o walang pawang pruweba na masasabing ito ay totoo. Nagmula ito sa dalawang salita na "tele", pinaikling salita para sa "telebisyon", at "serye", salitang Tagalog para sa "series" at "drama" para naman sa dula. Ang salitang Teleserye ay karaniwang ginagamit bilang pangkalahatang katawagan para sa mga Filipino na tinatawag ding soap operas sa telebisyon, bagaman naging opisiyal lamang ito noong taong 2000 nang unang inere ng ABS-CBN, isang Filipino network, ang teleseryeng pinamagatang "Pangako Sa 'Yo". Sa kabilang dako, tinatawag din namang "telenovelas" ang mga Filipino soap operas. Ngunit, mula noong taong 2010, opisiyal nang ginagamit ng GMA Network ang teledrama bilang pagkakakilanlan sa kanilang Philippine TV Series na may kinalaman sa drama.

Masasabi nating may pagkakahambing ang Teleserye sa mga klasikong soap operas at telenovelas pagdating sa katangian at pinag-ugatan. Gayun pa man, habang tumatagal ay nagbabago at nagkakaroon ito ng sariling katangian na malimit na inilalarawan sa makatotohanang pakikipagkapwa ng mga Pilipino. Ipinapalabas ang teleserye limang beses sa isang linggo, at madalas pang inuulit tuwing sabado at linggo. Nakaaakit ito nang malawak na manonood kabilang na ang mga bata at matatanda pati narin ang mga kababaihan at kalalakihan lalo na't ito ang may pinakamataas na kinikita sa Philippine television. Tumatagal ito ng tatlong buwan hanggang isang taon, o mas matagal pa, depende sa kagustuhan ng madla.

Ang mga teleserye ay kasalukuyang ginagawa ng ABS-CBN, samantalang Dramaseryes naman para sa TV5 Philippines at Teledramas naman para sa GMA Network. Ang mga ito ay karaniwang co-produced ng TAPE Inc., at ng isang film studio, VIVA Entertainment.

Mayroon ding ibang anyo ang Philippine Drama. Kabilang na dito ang "serials" at "anthologies" na karaniwang ipinapalabas linggo-linggo. Ang mga dramang ito ay ineere ng may hangganang bilang ng mga episodyo na karaniwang tumatagal ng isang season depende sa kagustuhan ng madla.

Nagsimula ang pagpapalabas ng mga Soap Opera sa Pilipinas noong ang Gulong ng Palad ay unang narinig sa radio noong taong 1949. Lalo pa itong lumawak pati na rin sa telebisyon noong early 1960s. Ang kauna-unahang Philippine Soap Opera ay ang Hiwaga sa Bahay na Bato noong 1963, na ipinalabas ng ABS-CBN. Liwanag ng Pag-ibig, Prinsipe Amante, at iba pang mga soap operas na sumunod.

Ang mga “soaps” ay karaniwang ipinapalabas tuwing umaga, ngunit noong 1996, naurong ang pagpapalabas ng mga soap opera sa gabi dahil sa popularidad na nakuha ng isang Mexican telenovela na pinamagatang Marimar na inere ng RPN 9 dito sa Pilipinas. Ito ang naging simula ng pagkasikat ng mga telenovelas sa Pilipinas. Ang mga malalaking TV networks ay sinunod din ito sa pamamagitan ng pagpapalabas ng mga local at foreign telenovelas sa kani-kanilang mga napiling oras.

Noong taong 2000, gumawa ng marka ang ABS-CBN noong ipinalabas nila ang Pangako Sa ‘Yo, kilala bilang kauna-unahang opisiyal na teleserye, at ang Kay Tagal Kang Hinintay. Ang mga teleseryeng ito ang nagtakda ng pamatayan para sa mga kasalukuyang produksiyon ng teleserye sa Pilipinas. Itong bagong genre ay naging sikat sa buong bansa, at ang popularidad nito ay kumalat pa maging sa ibang bansa. At dahil dito, ang mga soap operas na ipinapalabas sa telebisyon ay karaniwan nang tinatawag na habang ang GMA Network naman ay tinawag ang kanilang mga soap operas na teledrama.

## GAWAIN 22. Ang Teleserye ng Buhay Ko

Pumili ng isang teleserye o teledrama na iyong susuriin. Sundin ang mga hakbang na nakatala sa ibaba.

1. Pamagat ng Teleserye o Teledrama
2. Unang Talata: Ipakilala ang tema o paksang iniikutan ng palabas
3. Ikalawang Talata: Ilahad ang iyong pangkalahatang paghuhusga sa palabas. Taglay ba nito ang teleseryeng antig sa kamalayan ng nakararaming Pilipino? Taglay ba nito ang mga pagpapahalagang kultural na magdudulot ng kabuluhan sa nakararaming Pilipino?
4. Ikatlong Talata: Ilahad ang mga patunay o halimbawa sa teleserye o teledrama na susuporta sa iyong paghuhusga.
5. Ikaapat na Talata: Suriin din ang porma ng palabas (camera,pag-iilaw,tunog o musika, at tagpuan)
6. Ikalimang Talata: Suriin din ang mga linya at paggamit ng wika. Naging mabisa rin ba ang register ng wika lalo na ang masang Pilipino bilang target na manonood?
7. Ikaanim na Talata: Magbigay din ng reaksyon sa pagganap, pagganap ng mga artista sa karakter na kanilang ginagampanan, at iba pa
8. Panghuling Talata:  Sa kabuuan, mairerekomenda mo ba ang teleserye? Ilahad ang pangkalahatang kaisipang magbubuod sa sinuring palabas.
9. I-post ang ginawang pagsusuri at humingi ng puna at reaksyon sa kaklase.

**Kaalamang Panggramatika: Pahayag na may Kaugnayang Lohikal**

May mga konseptong higit na nagiging makahulugan kapag pinag-ugnay o pinagsama. Halimbawa nito ang mga konseptong nagpapahayag ng relasyon o kaugnayang lohikal tulad ng dahilan at bunga, layunin at paraan, at paraan at resulta ( Resuma, V.(2002).

1. Dahilan at Bunga/Resulta
   Naghahayag ng sanhi o rason ang dahilan ng isang pangyayari. Nagsasabi naman ng bunga o kinalabasan ang resulta nito.
   Hal. Nag-aaral siyang mabuti kaya naman natuto siya nang husto.
   Nahuli siya ng gising dahil nanood siya ng telebisyon hanggang hatinggabi.

2. Paraan at Resulta
   Nagpapakita ang relasyong ito kung paano nakukuha ang resulta.
   Hal. Sa matiyagang pag-aaral, nakatapos siya ng kanyang kurso.
   Mahilig siyang magkuwento sapagkat lagi siyang nanonood ng teleserye.

3. Paraan at Layunin
   Ipinapakita ng relasyong ito kung paano makakamit ang isang layunin o naisin sa tulong ng isang paraan.
   Hal. Para matuto nang husto, nag-aaral siyang mabuti.
   Sumasali siya sa mga pasulat at pasalitang paligsahan sa School's Press Conference para maging mahusay siyang broadcaster balang araw.

## GAWAIN 23. Pagsasanay sa Pahayag na may Kaugnayang Lohikal

Humango ng kaisipan o impormasyon mula sa binasang sanaysay sa pagbuo ng mga halimbawang pangungusap tungkol sa mga sumusunod:

| |
|---|
| Dahilan at Bunga/Resulta<br>**1.** ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>**2.** ______________________________ |

______________
________________________________________________________________
___________
________________________________________________________________
___________

Paraan at Resulta

**1.**
______________________________________________________________
______________
________________________________________________________________
___________
________________________________________________________________
___________

**2.**
______________________________________________________________
______________
________________________________________________________________
___________
________________________________________________________________
___________

Paraan at Layunin

**1.**
______________________________________________________________
______________
________________________________________________________________
___________
________________________________________________________________
___________

**2.**
______________________________________________________________
______________
________________________________________________________________
___________
________________________________________________________________
___________

## GAWAIN 24. Sa Abot ng Aking Kamalayan

Matapos mong matamo ang mga kaalaman sa pagsusuri sa mga programang pantelebisyon, ngayon naman ay susubukin ang iyong lohikal na katuwiran at pananaw tungkol sa mga sumusunod na kaisipan.Maaaring iugnay sa mga

napapanood, magbigay ng halimbawa o patunay at maglahad ng sariling interpretasyon o pagpapakahulugan.

| PAHAYAG | Lohikal na Katuwiran at Pananaw |
|---|---|
| 1. Nagiging mabisa at maganda ang isang palatuntunang drama kung ikaw ay kumbinsidong magaling ang pagganap na ipinakikita ng mga tauhan nito. Nararapat ding kumbinsido kang maganda ang pagkakalahad ng istorya ng palabas. | |
| 2. Ang maganda at mabisang palatuntunang barayti ay nagtataglay ng mga bagong gimik, mga bagong panauhin at mga bagong talino. Hindi maganda ang pagkakaroon ng paulit-ulit na pakulo at mga panauhing dati na rin | |
| 3. Ang mahusay at mabisang programang talakayan ay nagpapakita ng maraming kasagutan at malawak na talakayan sa kabila ng pagiging limitado ng paksa. | |
| 4. Maganda at mabisa ang isang programang balitaan kung maluwag at malinaw nitong naipakikita ang mga pangyayari sa buong kaluwagan at nakapaghahatid ng mga balita tungkol sa iba't ibang sektor. | |
| 5. Mabisa at maganda ang isang programang edukasyunal kung ito ay nagtataglay ng mga kaalamang pang-agham, pangkasaysayan, pampanitikan at iba't ibang paksa. Nagpapamalas din ito ng mga gawain ng iba't ibang uri ng organisasyon. | |
| 6. Nagiging mabisa at maganda naman ang programang pampalakasan kung ito ay pinamamahalaan ng mahusay na tagapagpakilala na nagbibigay ng mapanuring komentaryo tungkol sa mga larong kanyang ipinakikilala | |

| | |
|---|---|
| 7. Nagiging mabisa naman at maganda ang programang musikal kung ito ay nagpaparinig ng iba't ibang awiting likha ng mga batikang kompositor at binibigyan ng buhay ng mga mang-aawit na sadyang kilala sa nabanggit na larangan. | |

Hango sa komposisyon . . . Sumulat ka ni: Arturo S. Cabuhat

**Kaalamang Pampanitikan: Dokumentaryong Pantelebisyon**

Ang dokumentrayong Pantelebisyon ay mga palabas na may layuning maghatid ng komprehensibo at estratehikong proyekto na sumasalamin sa katotohanan ng buhay at tumatalakay sa kultura at pamumuhay ng isang lipunan.

Isang itong uri ng sining na nagsisilbing libangan at mahalagang instrumento sa paggising ng kamalayan ng isang tao upang magkaroon ng sapat na kabatiran, panlipunan, pang-ispiritwal, pangkultura, pangmoralidad at pang-edukasyon. Malaki ang hatid na impluwensiya nito sa isip asal at damdamin, kabuluhan at pananaw ng isang nilikha sa pamamagitan ng panonood ng mga programa/palabas na hatid ng telebisyon.

## GAWAIN 25. Panunuring Dokumentado (Mini-Task # 3)

Panoorin ang iba't ibang dokumentaryong pantelebisyon at sumulat ng isang sanaysay bilang pagsusuri sa napanood. Huwag kalimutang gumamit ng mga ekspresyong nagpapakita ng kaugnayang lohikal. Gawing gabay ang mga pamantayan sa pagsulat ng panunuring dokumentado.

https://www.youtube.com/watch?v=pnU28fa3ek8
Reporters Notebook ng GMA, Ulat ni Maki Pulido

**https://www.youtube.com/watch?v=2ufajYwh2ko**
GMA Reporters Notebook, Sektor ng Magsasaka
**https://www.youtube.com/watch?v=-EMIZ32aXUo**
Upuan, Ulat sa Sistema ng Edukasyon
https://www.youtube.com/watch?v=cIKqI3Pln5Y hustisya

**Youtube, "ISANG BOTE NG BINHI" Dokumentaryo ni Kara David**

| Mga Pamantayan sa Pagmamarka | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nailahad ang mga kaisipan at kabuluhan ng mga dokumentaryong pantelebisyon sa pag-unlad ng pagkatao ng mamamayan at pagbabagong panlipunan (cultural) | | | | |
| 2. Nailahad sa lohikal na paraan ang mga pananaw at pangangatwiran ang ideya, saloobin, at impormasyon mula sa napapanood na mga programang pantelebisyon (linguistic) | | | | |
| 3. Nailahad ang pagsusuring pormal at teknikal na dapat taglayin ng isang mabisang programang pantelebisyon | | | | |
| 4. Nailahad din ang pagsusuri sa pagganap at ang natatanging impluwensya nito sa manonood sa pangkalahatan | | | | |
| **Kabuuan** | | | | |

## GAWAIN 26. IRF Worksheet

Sagutin mo ang IRF *Worksheet*. Ibigay ang iyong inisyal na sagot batay sa iyong
dating kaalaman. Isulat ang sagot sa bahaging **R** lamang ng *worksheet.*

Tugunan ang IRF *Worksheet* sa ibaba sa pamamagitan ng pagsagot sa katanungang inilalahad dito. Ang bahagi ng **R** o **R**evised Answer.

*Worksheet #2*

**IRF *WORKSHEET***

| **Papaano nakatutulong ang panitikang popular gaya ng telebisyon sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino?** |
|---|
| Initial Answer |
| |
| Revised Answer |
| |
| Final Answer |
| |

Muli kitang binabati sa masigasig mong pagtugon sa mga gawain sa araling ito. Ang mga kaalaman at kasanayang natutuhan mo sa pag-aaral ng mga kontemporaryong programang pantelebisyon ay lubos na makatutulong upang madali mong mapag-aralan ang susunod na aralin. Naniniwala akong makakaya mo kung muli kang magiging masigasig sa pagtugon sa mga pagsubok. Alalahaning ang karunungan ay matatamo lamang ng mga taong may pagsisikap at may pusong harapin dahil may makakamit na tagumpay. Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na gawain.

## Aralin 4: Pelikula

Naniniwala ka bang malaki ang impluwensiya ng pelikula sa ating pagkatao, sa isip, sa gawi at pananaw sa buhay? May katotohanan ito sapagkat ang anumang pinanonood natin lalo na kapag nakapag-uugnay tayo ng ating sarili ay nagiging makabuluhan dahil nakapapasok tayo sa daigdig ng realidad. Isa na rito ang dokumentaryong pampelikula na ating napapanood. Ito'y naging bahagi na ng kulturang popular o pop culture kung tawagin sa kasalukuyan. Ang mga tao ngayon ay may kinagigiliwang mga bagay-bagay kasama ang adbertismo, mga kinahihiligang gamit, ang uri ng libangang nakapagpapaligaya sa kanila maging ang paraan ng pagsasalita, ang antas ng wikang ginagamit, ang binabasa at pinanonood. Dito rin umuusbong ang panitikang popular. Nagbubunga ito ng pagbabago sa buhay ng tao maging sa anyo ng panitikan, ang mga pagsulong at pamamaraan. Nagkakaroon ng epekto sa estilo, pamamaraan at anyo. Ikaw bilang kabataan ang pangunahing tagatangkilik ng kulturang popular gaya ng pelikula.

Sa pagpasok ng malaganap na kabihasnan sa teknolohiya lalong nagsisilbing instrumento ang paggamit nito upang mapalawak at mapaunlad ang mga panitikang popular. Halika ka na't palaguin mo ang iyong kakayahan sa tulong ng sumusunod na tanong.

1. Paano maituturing na mabisang instrumento sa pag-unlad ng pagkatao at pagbabagong panlipunan ang mga pelikula?
2. Paano magagamit ang mabisang kakayahang pangkomunikatibo sa mabisang paghahatid ng mga ideya, kaalaman at damdamin sa pagsusuri ng isang pelikula?

### GAWAIN 27. Ang Mga Konsepto sa Mundo ng Pelikula

Bilang pagpapalawak ng talasalitaan, alamin ang mga konseptong ginagamit sa mundo ng pelikula. Mayroon itong tatlong bahagi: ang una'y mga elemento ng pelikula, ang ikalawa'y mga uri ng pelikula at ang ikatlo'y iba pang makabagong termino sa pelikula. Piliin sa loob ng kahon ang letra ng tamang sagot at ilagay sa patlang bago ang bawat bilang.

**Unang Bahagi**

| | |
|---|---|
| A. Screenplay | F. Editing |
| B. Storyline | G. Tunog |
| C. Pagganap | H. Musika |
| D. Disenyong Pamproduksyon | I. Direksyon |
| E. Sinematograpiya | J. Set Up |

___ 1. Pagpili ng lugar, tagpuan o espasyo na angkop sa sitwasyo

___ 2. Makatotohanang paglalarawan ng karanasan ng tao
___ 3. Orihinal na pagbabalangkas ng nilalaman
___ 4. Makatotohanang pag-arte ng mga actor at aktres
___ 5. Paggamit ng angkop na kagamitan, kasuotan, set o tagpuan o pook, makeup at panahon
___ 6. Paggalaw ng kamera upang maging malinaw ang distansya, pag-iilaw, hugis, anino, at kulay
___ 7. Malikhaing pinakikitid o pinapalawak ang oras, kalawakan, at galaw ng mga pangyayari; maayos na pagpili ng tuloy-tuloy na pelikula
___ 8. Mahusay na awdyo upang makadagdag ng emosyon sa pelikula
___ 9. Mahusay na pagpili ng kanta upang mabigyang-kahulugan ang emosyon, damdamin, o tono ng pelikula
___ 10. Pagbibigay-buhay ng pelikula sa pamamagitan ng pagsasanib ng iba't ibang elemento sa pagbuo ng isang mahusay na pelikula

**Ikalawang Bahagi**

| | |
|---|---|
| A. Aksyon | F. Pantasya |
| B. Animasyon | G. Historikal |
| C. Dokyu | H. Katatakutan |
| D. Drama | I. Komedi |
| E. Bomba | J. Musikal |

___ 1. Likha ng imahinasyong o hango sa natuklasan ng siyensya, larawan ng mahika at kababalaghan
___ 2. Nakabatay sa mga tunay na kaganapan sa kasaysayan
___ 3. Naglalayong sindakin ang manonood gamit ang mga kakaibang nilalang
___ 4. Nagbibigay-aliw o kasiyahan dala ng mga nakatutuwang eksena o pangyayari
___ 5. May temang pangromansa na punong-puno ng kantahan at minsa'y may diyalogo o usapan
___ 6. Bakbakang pisikal, hango sa tunay na tao o pangyayari o kaya likhang isip lamang
___ 7. Gumagamit ng larawan o pagguhit upang magmukhang buhay ang mga bagay na walang buhay
___ 8. Nagpapalabas ng malalaswa o gawaing sekswal
___ 9. Nag-uulat ang isang tagapaglahad ng isang natatanging paksa hango sa kasaysayan, politika o iba't ibang uri ng buhay sa lipunan
___ 10. Nakatuon sa personal na suliranin o tunggalian, nagtutulak ito sa damdamin o masidhing emosyon ng mga actor o aktres upang ilarawan ang iba't ibang mukha ng buhay sa lipunan

**Ikatlong Bahagi**

| | |
|---|---|
| A. Tagalikha ng Pelikula | H. Industriya ng Pelikula |
| B. Paggawa ng Pelikula | I. Pinakapaksa ng Dokumentaryo |
| C. Pelikulang Totoo | J. Malayang Pelikula |

| | |
|---|---|
| D. Katutubong Wika | K. Saling-usapan |
| E. Maikling Pelikula | L. Patalastas |
| F. Bidyo Adbokasiya | M. Balita ng Bayan |
| G. Gabay-Lakbay | N. Gabay-Panonood |

- Indie Films _ _ _ _ _ _ _ _ _   _ _ _ _ _ _ _ _ _
- Cinema Verite _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _   _ _ _ _ _
- Filmmaker _ _ _ _ _ _ _ _ _ _  _ _  _ _ _ _ _ _ _ _ _
- Film Subject _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _  _ _  _ _ _ _ _ _ _ _ _
- Film-making _ _ _ _ _ _ _ _  _ _  _ _ _ _ _ _ _ _ _
- Film Industry _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _  _ _   _ _ _ _ _ _ _ _ _
- Mother Tongue _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _   _ _ _ _
- Subtitle _ _ _ _ _ _ _   _ _ _ _
- Travelogue _ _ _ _ _   _ _ _ _ _ _ _
- Newsreel _ _ _ _ _ _ _   _ _ _ _ _ _
- Advertisements _ _ _ _ _ _ _ _ _ _
- Video Advocacies _ _ _ _ _ _   _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _
- Short Films _ _ _ _ _ _ _ _ _   _ _ _ _ _ _ _ _ _

## GAWAIN 28. Panunuring Pampelikula

Panoorin ang pelikulang Dukot ni Enrique Gil & Just the Three of Us ni John Lloyd Cruz at Jennilyn Mercado na ipinalabas ngayong 2016. Suriin ang dalawang pelikulang ito batay sa ibinigay na pamantayan.

| Batayan ng Pagsusuri | Pelikulang DUKOT | Pelikulang JUST THE THREE OF US |
|---|---|---|
| 1. **Paksa / Tema at Isyung Panlipunan**: Malinaw ba ang tema at isyung nais nitong pangibabawin? | | |
| **2. Layon** : Mabisa bang nailantad ang pangunahing punto at layunin nito | | |
| 3. **Gamit ng Wika:** Angkop ba ang mga salitang ginamit upang maipahayag ang nais nitong mensahe sa target na audience? | | |

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Alin sa dalawa ang higit mong naibigan? Bakit?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
__________________.

2. Napapanahon ba ang mga isyung nailantad sa dalawang pelikulang napanood? Ibigay ang iyong reaksyon tungkol sa mga isyung inilalantad ng dalawang pelikula.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
__________________________________

3. Paano maituturing na mabisang instrumento sa pag-unlad ng pagkatao at pagbabagong panlipunan ang mga pelikulang iyong napanood?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
___________________________

## GAWAIN 29. Maging Mapanuri Pa

Maliban sa ilang pamantayang naging gabay mo sa pagsusuri sa dalawang pelikulang iyong napanood, muli mo pang balikan ang iyong napanood na mga pelikula at isagawa ang ebalwasyon gamit ang mga pamantayang iminumungkahi ni Rciky Lee sa kanyang aklat na Trip To Quiapo: Scriptwriting Manual.i-Tsek lamang sa tapat na hanay ng pelikula kung malinaw na nakita o nilabag ng pelikula ang mga pamantayan.

| PAG-EVALUATE NG STORYLINE/SEQUENCE TREATMENT AT ESTABLISHMENT NG CHARACTERS | DUKOT | JUST THE THREE OF US |
|---|---|---|
| 1. Hindi nakaka-move. Walang epekto.Walang energy. | | |
| 2. Hindi interesting.Mababaw | | |
| 3. Hindi credible o kapani-paniwala. | | |

| | | |
|---|---|---|
| 4. Walang nangyayari sa kuwento.Hindi hinaharap ng tauhan ang problema. | | |
| 5. Walang focus. Kung saan-saan pumunta. Hindi malinaw ang central problem | | |
| 6. Masyadong complicated ang plot.Masyadong maraming gustong sabihin. | | |
| 7. Predictable.Parang nagbibilang, alam mo ang susunod na numero. | | |
| 8. Walang gitna ang istorya. Maganda ang ulo at buntot pero nasa'n ang tiyan?Hindi nagkaroon ng paglala at igting ng pangyayari. | | |
| 9. Masyadong maraming supporting characters. | | |
| 10. Matagal ang simula. Masyadong mahaba ang exposition o establishment. Nagsisimula pa lang wala na tayong pakialam sa nangyayari. | | |
| 11. Ang main character ay hindi kumikilos para harapin ang problema niya.Masyadong passive.Hindi umaakyat ang conflict. | | |
| 12. Walang emotional continuity. Predictable at paulit-ulit ang mga eksena | | |
| 13. Mali ang lugar ng eksena | | |
| 14. Hindi satisfactory o convincing ang ending. Wala tayong natutunan. | | |
| 15. Hindi kapani-paniwala ang mga karakter. Hindi nagampanan ng artista nang mahusay ang ginampanang karakter. | | |

**Sagutin ang mga tanong:**

1. Alin sa dalawa ang mas nangingibabaw o tumutugon sa inaasahang dapat taglayin ng isang mabisang pelikula? Ipaliwanag.

2. Ano ang maimumungkahi mong paraan para mapaunlad ang nalagyan mo ng ekis?

3. Bilang isang manunuri sa mga pelikulang Pilipino, anong aspekto ang dapat pang paunlarin ng mga pelikulang napapanood sa kasalukuyan para sa pag-unlad at pagbabago ng sining-pelikula?

## KAALAMANG PAMPANITIKAN
## KALIGIRANG PANGKASAYSAYAN NG DOKUMENTARYONG PAMPELIKULA

Sa mga unang taon noong 1900, nagsimula na ang paglikha ng mga Dokumentaryong Pampelikula. Ito ay isang salitang Pranses na ang pangunahing inilalarawan ay ang pagkuha ng iba't ibang mga eksena sa anumang gawain ng mga tao sa araw-araw. Inilalarawan ito bilang ang "aktuwal na tanawin o eksena". At sa patuloy na pagdaan ng panahon, naipakita sa mga tao ang nakakatulad na dokumentaryo tulad ng *"travelogue", "newsreel tradition" at "cinema truth".*

Malaki umano ang ginampanang bahagi nito sa bawat bayan noon, sapagkat ito ang naging instrumento laban sa politika at maling pamamahala, dahil sa ipinakita nito ang realidad. Naging *"wartime propaganda", ethnographic film,* at nagsilbing inspirasyon upang makamit ang maraming tagumpay noon. Sa pamamagitan ng tinatawag na *"Cinema Verite"* ang salitang *French* na nangangahulugang *"film truth"* o "pelikula totoo" kung saan nagkaroon ng totohanan at aktuwal na pagtatagpo at pag-uugnay ng mga pangyayari sa pagitan

ng “filmmaker” o tagalikha ng pelikula at ng kanyang “film subject” o pinakapaksa ng dokumentaryo. Sa pamamagitan nito, mas nagiging makatotohanan, mabisa at makabuluhan ang isang dokumentaryo.

Sa ating modernong kapanahunan ngayon at gaya na rin ng ilang mga nabanggit, karaniwang nauuso ang mga *“Independent o Indie Films”, “Short Films”, “Advertisements”* at mga *“Video Advocacies”* bilang bahagi ng kulturang popular at panitikang popular nating mga Pilipino.

ANO ANG DOKUMENTARYONG PAMPELIKULA
Posted on November 5, 2014 by hgbanawan

Ang isa sa mga halimbawa ng dokumentaryong pampelikula ay ang Manoro sa direksiyon ni Brillante Mendoza, isa sa pinakamahusay na direktor ng bansa sa kasalukuyan lalo na sa paglikha ng mga *Independent o Indie Films* o yaong mga pelikulang malaya sa kanilang tema at pamamaraan na ang pinakalayunin ay buksan ang kaisipan ng mamamayan tungkol sa mga isyung panlipunan. Ang nasabing dokumentaryo ay nilapatan ng *cinema verite,* kung saan aktuwal na nagtagpo at nakunan ang mga pangyayari ng *filmmaker* ang kanyang *film subject*, upang mas higit itong maging makatotohanan. Tunay ngang bahagi na ito ngayon ng ating kultura at panitikang popular.

Nagwagi ng mga prestihiyosong parangal sa pandaigdigang “pinilakang-tabing”, kabilang rito ang “Manoro” (*The Teacher*) na pinarangalan sa CinemAvvenir-Torico Film Festival 2006. Gayundin ng *Best Picture* at *Directors Award* sa Cinemanila 2006. Ilan din sa kaniyang sikat na mga obra ay ang *Foster Child* (John John); Tirador (*Slingshot*) Lola at marami pang iba. Dahil kay Mendoza, muling naitayo sa pedestal ang galing ng mga Pilipino sa larangan ng *film-making* at *film industry* bilang isang internasyonal na likhang-sining ng mga Pilipino.

Sinikap at tinangka ng manunulat na isulat ang iskrip nito sa kabila ng pagiging limitado nito sa iba’t ibang pamamaraan. Kapag pinanood ang buong pelikula, mapapansin na ang pangunahing gamit na wika ng mga tauhan ay ang mismong kanilang “*mother tongue*” o katutubong wika. May mga *subtitle sa* ilalim nito na nakasulat sa wikang Ingles. Kaya’t isang hakbang rin na isinagawa ng manunulat ay ang pagsasalin nito sa wikang Filipino upang maunawaan ng nakararami. Lahat ng ito ay isinagawa upang lubos na matutuhan at mapahalagahan ang isa sa pinakamagandang Obra-Maestra na pambuong daigdig ang “Manoro”

Ang ilan sa mga pelikula ay nagreresulta bilang dokumentaryong pampelikula sapagkat pangunahing layunin nito ang magbigay-impormasyon, manghikayat, magpamulat ng mga kaisipan at magpabago ng lipunan. Sa mas malawak nitong pakahulugan, ito ay isang ekspresyong biswal na nagtatangkang makita ang realidad at katotohanan.

## GAWAIN 30. Mapa ng Impormasyon

Bilang pagbubuod ng binasa, punan ang sumusunod na kahon batay sa binasang teksto sa tungkol sa Dokumentaryong Pampelikula.

Kahulugan ng Dokumentaryong PAMPELIKULA

LAYUNIN at SILBI NG DOKUMENTARYONG PAMPELIKULA

DOKUMENTARYONG PAMPELIKULA

PANAHON NG PAG-USBONG NG DOKUMENTARYONG PAMPELIKULA AT KATANGIAN NITO

HALIMBAWA NG DOK. PAMPELIKULA AT PANGUNAHING DIREKTOR

Ngayong nagkaroon ka ng mga kaalaman tungkol sa dokumentaryong pampelikula bigyan mo na ng pansin ang tungkol sa isang panooring dokumentaryo, ang Mga Munting Tinig ni Gil Portes. Maaari mo itong mapanood sa https://www.youtube.com/watch?v=8PKlo11N4SA



Mga Munting Tinig ni Gil Portes

Halaw mula sa eksena ng Mga Munting Tinig
https://www.youtube.com/watch?v=8PKlo11N4SA

## GAWAIN 31. Pagsusuri ng Dokumentaryong Pelikula

Matapos mapanood ang pelikula ay maaaring basahin ang synopsis bago saguting ang mga tanong.

**Sinopsis ng Mga Munting Tinig**

Si Melinda (Alessandra del Rossi) isang baguhang guro sa Malawig Elementary School, matatagpuan sa isang malayong mahirap na nayon. Bagong tapos ng pag-aaral sa unibersidad ng Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, ang kanyang pamilya ay umaasa na magtatrabaho siya sa ibang bansa, ngunit sa kanyang ideyalismo sinuong niya ang hamon na magtrabaho sa pampublikong paaralan, kapos sa mga kagamitan at may mga kuraptong empleyado. Ang panahon ng tag-ulan at pagkakaroon ng mga NPA ay lalong nagpahirap sa dati nang mahirap niyang kalagayan.
Kakaiba ang atensyon sa pag-aaral ng mga mag-aaral dahil na rin sa nagaganap sa kapaligiran at uri ng kanilang pamumuhay. Sinikap ni Melinda na ganyakin ang mga bata sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang interes at talent sa pag-awit. Ninais niyang makakuha ng pundo mula sa patimpalak sa choral contest. Nagdanas siya ng hirap sa pag-ayaw ng mga magulang ng kanyang mga mag-aaral, ng administrasyon ng paaralan. Lalo pang naapektuhan ang kanilang pagsisikap nang mamatay ang isa sa miyembro ng choral group sa kamay ng mga rebeldeng NPA. Hindi sumuko si Melinda sa bigat ng mga pagsusubok, napagtagumpayan niya anglahat ng ito.
http://en.wikipilipinas.org/index.php/Mga_Munting_Tinig

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Anong uri ng pelikula ang iyong napanood?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________

2. Ano-ano ang kalakasan ng dokumentaryong pelikula na iyong napanood?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________

3. Paano nakaimpluwensiya sa iyong buhay ang pelikulang ito?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________________________________________________

4. Ano-ano ang sinasalamin ng pelikulang ito sa kulturang Pilipino at maging ng mga isyung panlipunan?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________________________________

5. Paano kaya natin matutugunan ang mga isyung panlipunang inilalantad ng pelikula?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________

**KAALAMANG PANGKOMUNIKATIBO**

Isa pang mahalagang aspekto ng dokumentaryong pampelikula ay ang Komunikatibong Paggamit ng mga Pahayag o Mga Uri ng Pagpapahayag. Sa pamamagitan nito, higit nating naipauunawa ang mga ibig ipahiwatig ng tauhan sa paraan ng kaniyang mga pananalita. Ang bawat pahayag na ating sinasabi ay tumutugon sa anumang layunin at pangkomunikatibong pahayag gamit ang wika upang epektibo nating maiparating ang ninanais na mensahe o reaksiyon.

Pansinin mo ang sumusunod na pangungusap.

A. Pagpapahayag at pag-alam sa kaisipan at saloobin
   1. "Taos-puso kong tinatanggap ang iyong mga ipinayo." (pagtanggap)
   2. "Maaari kayang mangyari ang kaniyang mga hinala?" (pag-aalinlangan)
   3. "Nakalulungkot isipin, ngunit hindi ko kailanman sinabi ang mga pananalitang yaon." (pagtanggi)
   4. "Talagang sumasang-ayon ako sa iyong mga suhestiyon." (pagsang-ayon)
   5. "Ikinalulungkot ko, tahasan akong sumasalungat sa iyong mga pahayag." (pagsalungat)

B. Pagpapahayag at pag-alam sa angkop na ginagawi, ipinakita, at ipinadarama
   1. Pagbibigay-babala "Mag-ingat ka sa lahat ng iyong mga lakad." (pagbibigay-babala) "Huwag kang magpabigla-bigla sa iyong mga desisyon."
   2. Panghihinayang "Sayang, tama sana ang aking kasagutan." "Kung naipagtapat ko lamang sa kaniya ang lahat, hindi sana nangyari yaon."

3. Hindi Pagpayag "Hindi yata sapat kung ganoon lamang ang inyong gagawin." "Bahala na kayo sa anumang hakbang na nais n'yong isagawa."

C. Mabisang pagpapahayag ayon sa tamang bantas, pagbabaybay at magkakaugnay na pangungusap at talata
   1. Nakatutulong ang mga bantas upang mabigyang-diin ang iba't ibang emosyon. Ang padamdam at patanong ay nakadaragdag ng galit, dalamhati at iba pang masidhing damdamin. Ang tuldok-tuldok ay nagpapakita ng takot, nginig o abnormalidad. Ang tuldok at kuwit naman ay karaniwang emosyon gaya ng pagsasalaysay.
   2. Ang tamang pagbabaybay naman ay lubos na nakatutulong upang maging maayos at malinaw na naiintindihan ang kahulugan ng mensahe. Maaaring balikan ang Ortograpiya 2013 sa pamamagitan ng pag-search sa Google.
   3. Higit sa lahat, nagiging malinaw ang kaisahan ng diwa o kaisipan kapag may iisang diwa ang pinag-uusapan sa isang talata at pinalalawak ito ng mga detalye o pansuportang kaisipan.

## GAWAIN 32. Pagsasanay sa Iba't ibang uri ng Pagpapahayag

Alamin kung anong gawi ng pagsasalita ang nakapaloob sa bawat pangungusap. Pillin ang tamang sagot mula sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| Pagtanggi | Pagsang-ayon |
| Pagbibigay-babala | Panghihinayang |
| Panghihikayat | Pagsalungat |

**"Mag-iingat ka Pilar sa iyong Paglalakbay"**

1. ______________________

Hindi dapat mawala si Popoy at Obet sa araw ng paligsahan!

2. ______________________

"Hindi dapat hadlangan ang mabuting kaisipan ni Melinda kahit baguhang guro man siya"

3. ______________________

"Mga gurong katulad ni Melinda ang kailangan ng ating bansa subalit iilan ang katulad nila at umaalis pa ng bansa"

4. ______________________

"Ang sampagitang ito ay para sa mga ga-gradweyt lamang, isuot mo, huwag kang mahiya, bagay sa iyo ito."

5. ______________________

" O sige, mag-aaral tayo pagkatapos ng pananghalian natin."

6. ______________________

## GAWAIN 33. Lights, Camera, Action!

Bumuo ng script ng isang eksena (naganap lamang sa isang tagpuang may isang pangyayari ngunit malinaw ang konsepto ng kuwento) mula sa pagsasama-sama ng ilan sa mga sumusunod na piling diyalogo/linya sa pelikula. Maaari pang mag-isip ng ibang hindi malilimutang linya sa pelikula, sa mga teleserye o komersyal. Maaaring gawing pormal o impormal ang salitaan. Isaalang-alang ang wastong paggamit ng gramatika: paraan ng pagpapahayag, wastong bantas, baybay, pangungusap o talata.

Walang himala. Ang himala ay nasa puso ng tao. Nasa puso nating lahat.
Akala mo lang wala, pero meron, meron, meron!
Trabaho lang ito, walang personalan.
Ayoko ng masikip, ayoko ng mabaho, ayoko ng putik!
Si Val! Si Val! Palagi na lang si Val! Ang walang malay na si Val!
Ding, ang bato! Darna!
Huwag, huwag, huwag mong buhayin ang bangkay!
Gaano kadalas a ng minsan?
Utang ito, hindi limos. At babalikan kita para bayaran ang halagang ito nang nakatayo habang ikaw naman ang tinatapakan ko!
Aanhin pa ang kaluluwa ko kung minsan pang binigo ng puso mo…
Hindi, hindi maaari. Huwag mo akong iiwan. Mamamatay ako kung mawawala ka!
Ipalilibing kita!
Para kang karinderyang bukas sa lahat ng gustong kumain.
Kung gusto may paraan, kung ayaw maraming dahilan
Pagod ka na ba? Kanina ka pa kasi tumatakbo sa isip ko.
Balderama! Alam kong hindi ikaw ang nakalibing doon dahil ang nakita kong kalansay hindi kulay itim.
Huwag kang pakasisiguro mayor. Kapag puno na ang salop, dapat nang kalusin.
Oo, inaamin ko, saging lang kami! Pero maghanap ka ng puno sa buong Pilipinas, saging lang ang may puso. Saging lang ang may puso!

Pamagat: ____________________________

## GAWAIN 34. IRF Worksheet

Sagutin mo ang IRF *Worksheet*. Ibigay ang iyong inisyal na sagot batay sa iyong dating kaalaman. Isulat ang sagot sa bahaging **R** lamang ng *worksheet.*

Tugunan ang IRF *Worksheet* sa ibaba sa pamamagitan ng pagsagot sa katanungang inilalahad dito. Ang bahagi ng **R** o **R**evised Answer.

*Worksheet #2*

**IRF *WORKSHEET***

| **Papaano nakatutulong ang panitikang popular gaya ng pelikula sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino?** |
|---|
| Initial Answer |
| |
| Revised Answer |
| |
| Final Answer |
| |

## GAWAIN 35. Panunuring Pampelikula (Mini-Task 4)

Pumili ng isa sa mga sumusunod na pelikulang susuriin. Maaaring mahanap sa youtube o sa mga bilihan ng CD's sa mga official outlet. Gawing batayan ang mga natutuhang iba't ibang mga dapat isaalang-alang sa panunuring pampanitikan gaya ng telebisyon at pelikula. Ang mapipiling pinakamagandang isinagawang pagsusuri ay ilalathala sa pahayagang pampaaralan.
"Suddenly It's Magic" (Rory Quintos, 2012): Tungkol sa isang sikat na artistang Thai na nagkagusto sa isang Pilipina; istorya ng relasyong *long-distance* at multikultural
"Ang Babae sa Septic Tank" (Marlon Rivera, 2011): Tungkol sa tatlong bagitong direktor na gustong gumawa ng pelikulang inaasahang mapapansin ng mga pandaigdigang organisasyong pampelikula na naggagawad ng parangal
"Zsa-Zsa Zaturnnah: ZE Moveeh" (Joel Lamangan, 2006): Tungkol sa isang baklang nakapulot ng bato galing sa kalawakan na tuwing nilulunok niya'y nagiging babaeng may taglay siyang kapangyariham na ginamit niya upang iligtas ang mundo sa mga *alien*
"Transit" (Hannah Espia, 2013): Tungkol sa mga batang Filipino-Israeli na nanganganib madeport dahil sa hindi pagkilala ng Israel sa kanilang pagkamamamayan
"Heneral Luna (Jerrold Tarog, 2015): Tungkol sa buhay ni Heneral Antonio Luna, magiting na heneral ng Rebolusyong Pilipino sa panahon ng pananakop ng Amerikano sa Pilipinas

“English Only Please” (Dan Villegas 2014): Tungkol sa isang Amerikanong dumayo sa Pilipinas para magpaturo ng Filipino upang masulatan at maipahayag ang kanyang galit sa kanyang half-Pinay na dating kasintahan
“OTJ” (Erik Matti, 2013): Tungkol sa buhay ng mga bilanggong ginagamit na asesino ng mga tiwaling pulis at politiko
“Mumbai Love” (Benito Bautista, 2014): Tungkol sa isang Indian-Filipino na umibig sa isang Pinay, taliwas sa kagustuhan ng kanyang pamilya na maikasal siya sa iba (inareglong kasal o *arranged marriage*)
“Thy Womb” (2012): Tungkol sa isang baog na babaeng Tausug na humanap ng pangalawang asawa para sa kanyang bana, upang sila’y magkaanak.
“Mumbaki” (Tony Perez, 1996): Tungkol sa anak ng isang pinunong Ifugao na bumalik sa kanyang tribu pagkatapos na mapaslang ang kanyang ama sa isang sigalot
“Kubot: The Aswang Chronicles 2” (Erik Matti, 2014): Tungkol sa pamilya ng mga aswang na naghiganti sa pumaslang sa kanilang mga kapwa aswang
“Mulanay: Sa Pusod ng Paraiso” (Gil Portes, 1996): Tungkol sa buhay ng mga doktor sa mga pook na liblib
“Filipinas” (Joel Lamangan, 2003): Tungkol sa mga pagsubok na dinaranas ng isang pamilyang Pilipino na humuhugot ng lakas sa isa’t isa
“Mano Po” (2002-2014): Serye ng mga pelikula tungkol sa buhay ng mga pamilyang Chinese-Filipino o Tsinoy

**I-post ang nabuong pagsusuri upang hingin ang puna at reaksyon ng iyong mga kaklase at guro.**

Gawing gabay ang tsekbric na ito na magigingbatayan din ng pagmamarka sa iyong produkto.

| Mga Batayan sa Pagmamarka | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nailahad ang mga kaisipan at kabuluhan ng pelikula sa pag-unlad ng pagkatao ng mamamayan at pagbabagong panlipunan (cultural) | | | | |
| 2. Nailahad ang kahusayang komunikatibo sa paglalahad ng mga impormasyon, pananaw at pangangatwiran mula sa napapanood na pelikula (linguistic) | | | | |
| 3. Nailahad ang pagsusuring pormal na makikita sa pelikula at ang bisa nito sa pagpapalinaw ng mensahe ng pelikula | | | | |
| 4. Nailahad ang pagsusuring teknikal kung nakita ang mga dapat taglayin ng isang mabisang pelikula | | | | |
| 5. Nailahad din ang pagsusuri sa makatotohanang pagganap at ang natatanging impluwensya nito sa manonood sa pangkalahatan | | | | |
| 6. Nakapaglahad din ng mungkahi o rekomendasyon tungo sa pagpapaunlad ng sinuring pelikula gayundin | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ang pangkalahatang kongklusyon,realisasyon o paglalahat patungkol sa pelikula | | | | |
| **Kabuuan** | | | | |

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Nakatutuwang mabatid na nagtagumpay ka sa bahaging ito ng aralin. Lahat ng mga natamo mong kaalaman at kasanayan sa pag-aaral ng iba't ibang panitikang popular gaya ng mga babasahing popular, radyo, telebisyon at pelikula ay nakatitiyak akong magiging mapanuri at kritikal ka na sa mga hamong iyong kahaharapin sa kasalukuyan. Upang higit na maunawaan mo ang kahulugan ng mga araling iyong pinag-aralan, isagawa mo ang mga Gawain sa bahaging pagpapalalim. Maaari ka nang magsimula.

## PAGPAPALALIM

Ang bahaging ito ay naglalayong pasidhiin o patatagin ang iyong pagpapahalaga sa mga mahahalagang kaisipang iyong natutuhan sa mga nakaraang mga aralin. Dito mo higit na mauunawaan ang sagot sa mga sumusunod na mahahalagang tanong na: Bakit nagiging mabisa ang panitikang popular sa kulturang Pilipino? Paano nakatutulong ang mga panitikang popular sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino?

Nakahanda na ang mga sumusunod na Gawain sa bahaging ito. Iyo nang simulan ang pagsisikap upang maging makabuluhan ang pagpapalalim ng mga natutuhan.

### GAWAIN 36. Paghahambing sa Mga Panitikang Popular

Itala sa ibaba ang mga impormasyong maglalahad sa iba't ibang katangian ng mga panitikang popular na iyong natutuhan bilang pagbubuod.

| PANITIKANG POPULAR | KATANGIAN BILANG KASANGKAPAN SA PAGPAPAIGTING NG KULTURANG PILIPINO AT PAGBABAGONG PANLIPUNAN |
|---|---|
| 1. Pahayagan | |
| 2. Magasin | |
| 3. Komiks | |
| 4. Kontemporaryong Dagli o Wattpad | |
| 5. Radyo | |
| 6. Telebisyon | |
| 7. Pelikula | |

| Sa kabuuan, ano ang nabuo mong kaisipan tungkol sa mga panitikang popular na iyong inilahad sa itaas? |
|---|

## GAWAIN 37. Panitikang Popular, Ating Pagyamanin


Ang mga sumusunod ay popular na mga hugot patungkol sa mga panitikang popular. Ibigay ang iyong reaksyon, pananaw o kaisipan bilang pagpapahalaga sa iba't ibang taglay na kapangyarihan ng panitikang popular.

| **Mga Pahayag Kaugnay sa mga Panitikang Popular** | **Ibigay ang iyong Reaksyon at Kaisipan tungkol sa Pahayag** |
|---|---|
| 1. Wala nang mas kawawa pa sa mga taong literado pero hindi nagbabasa'. | |
| 2. May mga babasahing magkakasundo ang sinasabi, at mayroon din namang mga nagpapatayan ng opinyon. May babasahin para sa kahit anong edad, kasarian, lahi, relihiyon, edukasyon, at katayuan sa buhay. May mahal at mura, malaki at maliit, makapal at manipis, pangit at maganda, mabango at mabaho, may kwenta at wala. | |
| 3. Ang radyo ay musika sa pandinig, tunog na nabubunga ng katas na malasa at abstraktong litrato ng utak. | |
| 4. Ang telebisyon ay nagdudulot ng kaligayahan at isang pangangailangan ngunit may limitasyon. | |
| 5. Ang pelikula ay salamin ng bawat tao. Kaluluwa ng isang lipunan. | |

## GAWAIN 38. Mga Tagubilin sa Pagtangkilik sa mga Panitikang Popular

Sinasabing malakas ang hatak ng mga panitikang popular kung ihahambing sa mga panitikang tradisyonal. Mas malawak ang espasyong naabot ng mga panitikang popular dahil na rin sa kapangyarihan ng teknolohiya. Kaugnay nito, hindi lahat ng mga nababasa, naririnig at napapanood ay nagdudulot nang mabuti sa lipunan lalo't higit sa mga kabataang tulad mo. Maraming mga

nababasa, napapanood at naririnig na nag-uudyok sa kasamaan. Kung gagawa ka ng mga tagubiling mahalagang dapat mabasa o marinig ng mga kabataang katulad mo, ano-ano ang mga ito. Ilathala ito sa facebook at iba pang social media upang hingin ang reaksyon at saloobin ang mga miyembro.



## GAWAIN 39. IRF Worksheet

Sagutin mo ang IRF *Worksheet*. Ibigay ang iyong pinal na sagot batay sa iyong dating kaalaman. Isulat ang sagot sa bahaging **F** lamang ng *worksheet.*

Tugunan ang IRF *Worksheet* sa ibaba sa pamamagitan ng pagsagot sa katanungang inilalahad dito. Ang bahagi ng **F** o **Final** Answer.

*Worksheet #2*

**IRF *WORKSHEET***

| **Papaano nakatutulong ang panitikang popular sa pagpapaigting ng kulturang Pilipino?** |
|---|
| Initial Answer |
| |
| Revised Answer |
| |
| Final Answer |
| |

**WAKAS NG PAGPAPALALIM**

Hindi matatawaran ang iyong sigasig sa pagbibigay ng iyong mga kaisipan bilang pagpapalalim ng iyong pag-unawa sa modyul na ito. Ang higit na nakatutuwa ay ang patunay ng iyong pagpapahalaga sa panitikang popular. Harinawa ay patuloy mong tangkilikin at iataguyod ang panitikang popular tungo sa paghubog ng mabuting pagbabago at mapaigting ang kulturang Pilipino hanggang sa mga susunod na panahon. Mabuhay Ka!

## PAGLILIPAT

Ito ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng

proyekto tungkol sa isang masining na pagtatanghal. Upang maihanda
ka sa iyong inaasahang pagganap tungkol sa malikhaing pagtatanghal, gawin mo muna ang mga paunang gawain sa ibaba.

## GAWAIN 40. Pagbuo ng Isang Social Awareness Campaign

GAWIN MO NA ANG ***PERFORMANCE TASK*** NA ITO!

**SOCIAL AWARENESS CAMPAIGN**

Sa mabilis na pagbabago ng panahon dala ng impluwensya ng social media na nag-uudyok ng iba't ibang karahasan at hindi magandang pag-uugali ng lipunan, sa ganitong dahilan nagsama-sama ang iba't ibang media personalities upang maghanap ng natatanging kampanya tungo sa panlipunang kamalayan. Kaugnay nito, kayo ay nabigyan ng pagkakataong magsumite ng inyong proposal at ito ay inyong ipo-post sa social media upang masubok ang bisa nito sa masa. Kailangan ninyong maisaalang-alang ang mga sumusunod na pamantayan: kaalaman sa panlipunang kamalayan, paraan at orihinalidad ng kampanya, at bisa ng pagpapahayag.

**RUBRIK SA SOCIAL AWARENESS CAMPAIGN**

| | NATATANGI | MAHUSAY | UMUUNLAD | PASIMULA |
|---|---|---|---|---|
| KAALAMAN SA PANLIPUNANG KAMALAYAN | Komprehensibo, napapanahon at makabuluhan ang mga impormasyong nailahad tungo sa pagpapaigting ng kamalayang panlipunan | Makabuluhan ang impormasyong nailahad tungkol sa pagpapaigting ng kamalayang panlipunan | Napapanahon ngunit kulang ang nailahad na impormasyon | Hindi napapanahon at kulang sa impormasyon ang nailahad |
| PARAAN AT ORIHINALIDAD NG KAMPANYA | Mapanghikayat, kakaiba at kawili-wili ang paglalahad ng mga impormasyon upang mabisang | Kakaiba ang impormasyong nailahad tungkol sa pagpapaigting ng kamalayang panlipunan | Kawili-wili ang paraan ng paglalahad ngunit karaniwan ang impormasyong nailahad | Hindi naging kawili-wili at hindi rin naging maparaan ang paglalahad |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | maunawaan ng madla | | | ng impormasyon |
| BISA NG PAGPAPAHAYAG | Tiyak at angkop ang mga pahayag, masistema ang pagbuo at maingat ang paggamit ng wika upang lubos na maramdaman, maunawaan at maantig ang madla sa mga impormasyon o mensaheng inilahad | Wasto ang ang paggamit ng wika upang maunawaan ang mensahe o impormasyong nais iparating sa madla | Wasto ang paggamit ng wika ngunit kulang sa mga pahayag upang maunawaan ang mensaheng nais iparating sa madla | Hindi naging maingat at hindi rin naging maayos ang mga pahayag upang maunawaan ang mensahe |
| Kabuuang Puntos | | | | |

## GAWAIN 41. Ito Ngayon, Ano Ngayon?

Ngayong natapos mo na ang modyul na ito, ibigay ang iyong kaisipan batay sa ibinigay na panuto sa bawat kahon.

| |
|---|
| ***Ito Ngayon***: Ilahad ang pinakamahalagang kaalaman at kasanayang iyong natutuhan sa modyul na ito. |

| |
|---|
| ***Ano Ngayon:*** Paano mo ngayon magagamit ang kaalaman/kasanayang ito bilang patunay na ito'y iyong naunawaan? |

**PANAPOS NA PAHAYAG**:
Batay sa sarili mong pagtataya, kumusta ang iyong paggawa ng social awareness campaign? Naging madali ba ito? Bakit? Paano nito naimulat ang iyong isipan at pananaw sa katotohanang hinaharap mo sa araw-araw?

Batid kong ang lahat ng iyong natutuhan sa modyul na ito ay lubos na nakapagpamulat sa iyong isipan at pananaw upang maging mulat sa realidad ng lipunang iyong ginagalawan. Hinahangad ko ang iyong tagumpay sa mga haharaping hamon sa buhay.

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito, naisagawa mo na ang pagbuo ng social awareness campaign.
Ngayon, paano mo ilalarawan ang iyong isinagawang pagganap? Paano nakatulong ang gawain upang maunawaan mo kung paano maisagawa ang social awareness campaign gamit ang mga panitikang popular na nagpapaigting ng kulturang Pilipino?
Handa ka na ngayon sa pagsagot sa huling pagsusulit sa modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Anong uri ng panunuring pampanitikan ang ipinamamalas ng pahayag sa ibaba?
   Isa sa kabansutan ko ang pagiging maramot. Ipinamulat ito sa akin ng sanaysay na "Sa Kabataan" ni Propesor Onofre Pagsanghan. Dapat ko itong maiwasto nang lumago ang kabutihan sa aking pagkatao.
   a. pagsusuring pangwika
   b. pagsusuring pangkaligiran
   c. pagpapahalagang pang-estetiko
   d. pagpapahalagang pansarili

2. Inatasan ni Binibining Salazar ang kanyang mga mag-aaral na manaliksik ukol sa mga panitikang panrehiyon ng Pilipinas. Alin sa sumusunod na sanggunian ang higit na makatutulong sa mga mag-aaral upang makakalap ng sapat na impormasyon o materyales bilang tugon sa gawaing itinakda ni Binibing Salazar?
   a. Arrogante, Jose A et.al. (1991). Panitikang Filipino (pampanahong elektroniko). National Bookstore. Mandaluyong
   b. Garnace-Ulit, Perla et.al. (1998). Pagpapahalaga sa panitikang rehiyunal ng Pilipinas. Grandwater Publications and Research Corporation. Makati
   c. Reyes, Soledad S. (1992). Kritisismo: Mga teorya at antolohiya para sa epektibong pagtuturo ng panitikan. Anvil Publishing, Inc. Maynila

d. Villafuerte, Patrocinio V. (2000). Panunuring pampanitikan (teorya at pagsasanay). Mutya Publishing House Valenzuela.

3. Aling ahensiya o sangay ng pamahalaan ng Pilipinas ang tumututok sa pag-unlad ng panitikang Pilipino?
   a. Kagawaran ng Edukasyon
   b. Komisyon ng Wikang Filipino
   c. National Commission on Culture and the Arts
   d. University of the Philippines

4. Ano ang ipinahihiwatig ng pahayag sa ibaba?
   Huwag nating akalaing makapandaraya tayo ngayon sa ating mga pagsusulit, makakupit sa ating mga magulang at sa mahiwagang araw ng bukas makakaya nating balikatin ang mabibigat na suliranin ng bansa.
   a. Huwag kang mandaya sa pagsusulit na ito.
   b. Hindi madaling baguhin at ituwid ang nakasanayang ginagawa.
   c. Pagsumikapang makamit ang nararapat sa wastong paraan.
   d. Magmatuwid na habang maaga kaysa gamutin pa ang kabaluktutan.

5. Ano ang angkop na pagpapakahulugan sa kabuuan ng pahayag sa ibaba?
   "Hindi ko maintindihan kung bakit galit na galit si Mang Tato sa mga bakla. Si Fortunato Jr. pa naman niya ay isang binabae."
   a. Galit si Mang Tato sa mga bakla.
   b. Hindi matanggap ni Mang Tato na bakla ang kanyang anak.
   c. Bakla ang mga anak ni Mang Tato.
   d. Bakla rin si Mang Tato gaya ng kanyang anak.

6. Ano ang tinatalakay ng maikling talata sa ibaba?
   Marami nang naipangako ang mga namuno subalit ang problema ng kahirapan ay nananatiling problema. Makalipas ang dalawang EDSA *revolution* (1986 at 2001) marami ang nag-akala na ito na ang magiging daan upang makamtan ng mga Pilipino ang kaginhawahan sa buhay at makalaya sa kahirapan. Subalit wala ring nangyari.

   Mas maraming kawatan sa pamahalaan ang sumulpot at ang perang nakalaan sa pagpapaunlad ng bansa ay ibinulsa at marami ang yumaman. Mas marami ang naging gahaman at ang bulsa nila ang tanging naalala at hindi ang taumbayang nangangailangan.
   a. Sanhi ng pagkalugmok ng mahihirap na Pilipino
   b. Huling dalawang EDSA *revolution*
   c. Pamamaraan ng pagpapayaman ng mga negosyante
   d. Pag-asa ng mahihirap na Pilipino

7. Ano-ano ang pamantayan sa pagtatanghal na gagawin sa gawain sa ibaba?
   Inaasahan ang bawat isa na magtalumpati nang naipamamalas ang kahusayan sa pagsaulo, pagbigkas, pagpili at panggamit ng angkop na mga

kumpas, at pagsasatao ng disiplina't katauhan ng isang mahusay na mananalumpati upang maiparating sa manonood ang kaisipang taglay ng itinatanghal na piyesang pantalumpatian. Layon nitong hasain ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral lalo na't isasakatuparan ito nang mag-isa.
   a. Pagtamo sa layunin ng gawain
   b. Paghasa at pagtupad ng kakayahang komunikatibo
   c. Pagpapamalas, pagtatalumpati at pagpaparating sa manonood
   d. Pagsaulo, pagbigkas, pagkumpas at pagsasatao

8. Ano ang pinakapaksa ng mga ideyang ito: kahirapan ng kabataan sa pagbasa, mga salik sa pagbagsak ng maraming estudyante, epekto ng *internet* sa pag-aaral, depektibong pakikinig ng mga mag-aaral, at iba't ibang bisyo ng kabataan.
   a. Mga pagsubok sa guro
   b. Pagkalulong ng kabataan sa *internet*
   c. Mababang *performance* ng mga mag-aaral
   d. Pagkilala sa mga mag-aaral

9. Bakit kailangang pahalagahan ng Pilipino ang kanyang panitikan?
   a. Kawili-wili ang pamamaraan ng paglikha ng panitikan ng mga Pilipino.
   b. Upang mabatid niya ang kalayaan na taglay ng bawat isa
   c. Isinulat ang mga ito para sa kanila.
   d. Matutunghayan niya ang karanasan ng kanyang lipunan sa mga akdang ito.

10. Paano makasisilbi sa isang dayuhang nais pumarito ang mga panitikang popular ng Pilipinas?
   a. Mamamalas niya ang kahusayan at pagkamalikhain ng mga Pilipino.
   b. Sinasalamin ng panitikang popular ang wika at karanasan ng Pilipino sa kasalukuyan.
   c. Magagabayan siya sa kanyang pakikitungo at paglilibot sa Pilipinas.
   d. Makikilala niya ang kasaysayan ng bansa.

11. Paano nakakaapekto sa buhay ng kabataan ang panitikang kanilang natututuhan at tinatangkilik?
   a. Matutunghayan niya ang kalagayan ng kapwa kabataan.
   b. Mamamalas niya ang epekto ng lipunan sa tulad niyang kabataan.
   c. Maiuugnay niya ang kanyang sarili sa mga panitikang ito.
   d. Maitatala niya ang mga makatotohanang aspekto ng panitikan.

12. Paano mapahahalagan sa panitikang popular ang mga panitikang tradisyunal?
   a. Taglay ng panitikang popular ang karunungan at lipunang sinaklaw ng panitikang tradisyunal.

b. Bunga ng pagsasalin sa kontemporaryong wika ng panitikang tradisyunal ang panitikang popular.
c. Naging popular lamang ang panitikan dahil sa midyum na ginagamit ng may-akda.
d. Parehong wika ang ginagamit sa panitikang tradisyunal at panitikang popular.

13. Bakit kailangang pag-aaralan ng kabataan ang panitikang popular?
    a. Makilala nila ang kanilang sarili sa panitikang tradisyunal.
    b. Sila ang nilalayon ng may-akda ng panitikan.
    c. Maunawaan nila ang pagbabagong dulot sa kanila ng panahon.
    d. Maihahambing nila ang kanilang sarili sa kabataan noong nakaraan.

Basahin ang bahagi ng awit na *Upuan* ni Gloc 9. Pagkatapos, sagutin ang inihandang tanong.

Tao po, nandyan po ba kayo sa loob ng
malaking bahay at malawak na bakuran
Mataas na pader pinapaligiran
At nakapilang mga mamahaling sasakyan
Mawalang galang na po sa taong nakaupo,
Alam niyo bang pantakal ng bigas namin ay di puno
Ang dingding ng bahay namin ay pinagtagpi-tagping yero

14. Sa aling ulo ng balita higit na angkop iugnay ang hinalaw sa ibaba na bahagi ng awiting *Upuan* ni Gloc 9?
    a. Poverty level in Phl unchanged since '06
    b. Increasing poverty caused by corruption
    c. Team PNoy dominates in 10 poorest provinces
    d. Philippines areas under dynasties are poorest

15. Inimumungkqhi sa kabataan na makilahok sa mga usaping pambansa tulad ng *cybercrime law* at *RH bill* sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanilang saloobin gamit ng *social networking platform*. Ano ang masasabi mo sa mungkahing ito?
    a. Malikhaing ginamit ang wika sa pahayag
    b. Nagpamalas ng kahusayang teknikal
    c. Praktikal para sa kabataan ang iminumungkahi
    d. May kaalamang teknikal sa midya.

16. Ano ang layunin ng isang *campaign multimedia* na likhang-sining?
    a. Manghikayat ng madla na tuparin sa pamamagitan ng malikhaing paggamit ng
    iba't ibang midya ang totoong suliraning gamit ang iba't ibang midya.

b. Manghimok ng madla na makilahok sa pagtugon sa mga totoong sitwasyon nang gumagamit ng iba't ibang midya sa malikhaing pamamaraan.
c. Maipaalam sa madla ang pakay ng binubuong likhang-sining sa pamamagitan ng iba't ibang midya.
d. Maengganyo ang madla na pumili ng tatangkiliking panitikan sa isang tiyak na midyum.

17. Paano agarang mahihikayat ng kabataan na makilahok ang kapwa kabataan at umayon sa kasalukuyang pangangailangan ng lipunan?
    a. Palahukin ang kabataan sa mga *youth camp*.
    b. Magsulat ng opinyon para sa pambansang pamahayagan.
    c. Lumikha ng *campaign ad* gamit ang iba't ibang midyang panteknolohiyang talamak sa kabataan
    d. Bumuo ng isang *political party* na magiging kinatawan ng kabataan sa pamahalaan.

18. Paano magagamit sa pagpapaunlad ng kamalayan at kakayahan ng kabataang Pilipino ang teknolohiya na bahagi ng kanilang kultura?
    a. Magagamit ito bilang kasangkapan sa pagpaplano ng pagkatuto ng mag-aaral.
    b. Malawak ang oportunidad sa pagpapalawak ng kaalaman at pagtupad ng mga gawaing pagpapatunay.
    c. Marami itong inihahain na kasangkapan para sa guro tungo sa pagkatuto at paglikha
    d. Masaklaw ang karanasang maihahain nito para sa mga maalam gumamit ng Iba't ibang kasangkapan ng teknolohiya.
19. Sa isang gagawing kampanyang pang-adbokasiya laban sa mga suliraning kinasasangkutan ng kabataan sa kasalukuyan, ano-anong ahensiya ang nararapat na masangkot nang matiyak ang kredibilidad ng impormasyon at rekomendasyon?
    a. National Youth Commission, Department of Social Work and Development,Sangguniang Panglungsod
    b. National Commission on Culture and the Arts, Department of Interior and Local Government
    c. Department of Social Work and Development, National Youth Commission, Department of Interior and Local Government
    d. Sangguniang Kabataan, National Commission on Culture and the Arts, Kagawaran ng Edukasyon

20. Alin sa sumusunod na pahayag ang pinakatama alinsunod sa mga tuntuning pangwika sa Filipino?

a. Tumulong sa Cagayan de Oro ang mga nabahaang mag-aaral ng bagyong Sendong sa Luzon.
b. Tumulong sa mga mag-aaral ng Cagayan de Oro ang mga nabahaan ng bagyong Sendong sa Luzon.
c. Tumulong sa mga nabahaan ng bagyong Sendong sa Cagayan de Oro ang
mga mag-aaral sa Luzon.
d. Tumulong sa mga nabahaan ng bagyong Sendong sa mga mag-aaral ng Luzon sa Cagayan de Oro.

**GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL NA ITO:**

**Broadsheet**. Isang pahayagang kadalasang nasusulat sa wikang Ingles. Mas malaki ito sa tabloid at mas marami ring pahina.

**Komiks**. Isang babasahing isinalarawan at maaaring nagsasaad ng kuwento, buhay ng tao o pangyayari. Isang makulay at popular na babasahin na nagbigay-aliw sa mambabasa, nagturo ng iba't ibang kaalaman at nagsulong ng kulturang Pilipino. Ang kultura ng komiks ay binubuo ng ng mga manunulat at dibuhista na napakalawak ng imahinasyonSinasabing si Jose Rizal ang kaununahang Pilipino na gumawa ng komiks. Taong 1884 inilathala sa magasing "Trubner's Record" sa Europa ang komiks strip niya na "Pagong at Matsing", halaw mula sa isang popular na pabula ng Asya

**Kontemporaryong Dagli**. Tinatawag na rin itong Wattpad na popular na babasahin ng mga kabataan sa kasalukuyan. Isang anyong pampanitikan na maituturing na maikling kuwento. Bagamat walang katiyakan ang pinagmulan nito sa Pilipinas, sinasabing lumaganap ito sa unang dekada ng pananakop ng mga Amerikano. Wala ring nakakatiyak sa angkop na haba para masabing dagli ang isang akdang pampanitikan. Subalit sinasabing kinakailangang hindi ito aabot sa haba ng isang maikling kuwento

**Kultura.** Tradisyon, paniniwala at paraan ng pamumuhay ng isang lipunan

**Magasin**. Isa itong peryodikong publikasyon na naglalaman ng maraming artikulo, kalimitang pinopondohan ng mga patalastas. Ito ay nagbibigay ng espesipikong impormasyong tinatangkilik ng target na mambabasa.

**Pahayagan**.Tinatawag ding diyaryo o peryodiko. Isang uri ng paglilimbag na naglalaman ng balita, impormasyon at patalastas, kadalasang na imprenta sa mababang halaga. Ito ay maaaring pangkalahatan o may espesyal na interes, at kadalasan itong inilalathala ng araw-araw o lingguhan.

**Panitikan**. Bunga ng malikhaing guniguni na ipinapahayag ng isang tao batay sa karanasan, kasaysayan, kultura, paniniwala at karunungang taglay ng tao.

**Panitikang Popular.** Ito ay mga modernong panitikang dala ng pag-unlad ng makabagong teknolohiya at ng sibilisasyong bunga ng malayang sining upang itaguyod ang kasalukuyang pamumuhay o kultura ng lipunan sa kasalukuyan.

**Panunuring Pampelikula**. Isang paraan ng pagbibigay-kritiko o puna sa iba't ibang uri ng pelikula batay sa mga pagdulog at ang bisa ng mga elementong taglay ng isang pelikula.

**Pelikula**. Isang libangang awdyo-biswal; Obrang pansining na kakikitaan ng galing, tradisyon, kaugalian, saloobin, at pagpapahalaga ng tao/bansang

pinagmulan nito; salamin ng lipunan; nilikha sa mahabang proseso at panahon mula sa maraming mga elemento. ang pinakabatang uri ng sining sa Pilipinas at ang popular na uri ng libangan, isa rin ito sa mga pinagkukunan ng trabaho ng mga 300,000 na Pilipino at kumikita ng 2 Bilyong Piso taun-taon.

**Radyo.** Isang teknolohiyang awdyo na tumatawid sa himpapawid ang hudyat (signals) upang maiparating ang tunog sa kalayuan.

**Radio Broadcasting**. Isang paraan ng pagsasahimpapawid na serbisyong panradyo.

**Teleserye**. Tinatawag din itong teledrama o soap opera na iba't ibang kuwento ng buhay na ipinalalabas sa telebisyon.

**Tabloid**. Ito'y isang peryodikong pang-masa na gumagamit ng kadalasa'y wikang Tagalog bagama't ilan dito ay Ingles ang midyum. Mas maliit ang bilang ng pahina at ang anyo nito kaysa sa broadsheet.

## MGA SANGGUNIANG GINAMIT SA MODYUL NA ITO

**Mga Aklat**
Resuma, V. (2002). Gramatikang Pedagohikal ng Wikang Filipino: Komunikatibong Modelo.
Dayag, A. (2012). Pluma: Wika at Panitikan para sa Mataas na Paaralan. Quezon City: Phoenix
Publishing House.

San Juan, D. (2013). Asignaturang Filipino sa Kolehiyo, Mungkahing Silabus. PPT sa Seminar ng Tanggol Wika ______________. Kto12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino. Hulyo 2015.

**Elektroniko**
http://fil.wikipilipinas.org/index.php?title=Dagli
http://aralingpinoy.blogspot.com
http://teksbok.blogspot.com
http://tl.wikifilipino.org/wiki/Blog
http://tl.wikifilipino.org/wiki/Ebook
http://tl.wikifilipino.org/wiki/Komiks
http://tl.wikifilipino.org/wiki/Magasin
http://tl.wikifilipino.org/wiki/Pahayagan
http://tl.wikifilipino.org/wiki/Radyo
http://tl.wikifilipino.org/wiki/Telebisyon
http://pinoymovieblog.com
http://google.com
http://wikipedia.com